# *Ang Kumikislap Na Pulang Ilaw Na Tanda Ng Kanyang Pagparito*

Salamat, Kapatid na Neville. Manatili tayong nakatayo pansumandali para sa panalangin, iyuko natin ang ating mga ulo. Makalangit naming Ama, sa Iyo kami'y nagbibigay papuri dahil sa lahat ng nakita ng aming mga mata at narinig ng aming mga tainga. At pinasasalamatan Ka po namin, Panginoon, dahil sa araw na ito'y talastas namin na Ikaw ang siya pa ring dakilang Diyos na Jehovah na Ikaw na noon pa man at mananatili magpakailanman.

2 Pinasasalamatan Ka po namin para kay Jesus Cristo na Siyang nagbigay-daan na makabalik kaming muli sa Banal na pakikisama sa Iyo, sa pamamagitan ng pagbubo ng Kanyang walang-salang Dugo, na sa pamamagitan ng—ng kabayaran ng Dugong 'yun kami ngayon ay mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Hindi pa lantad kung magiging ano kami sa dulo, subalit alam namin na kami'y magiging tulad Niya, sapagkat makikita namin Siya kung sino mismo Siya. At, Ama, sapat na po 'yun para sa amin, basta't kami'y tulad Niya't, nakatayo sa anyo ng Kanyang larawan.

3 At ngayon, Ama, di namin ibig na sa oras na ito'y makiayon kami sa mga bagay ng sanlibutan, bagkus mabago kami sa pamamagitan ng pagbabago ng aming espiritu, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, upang Siya'y dumating at kunin ang mga buhay namin sa Sarili Niyang pangangalaga, at aakayin—aakayin kami at gagabayan kami sa mga natitira pa naming araw sa lupa, at dadakilain ang dakila Niyang Pangalan.

4 Pinapasalamatan Ka po namin sa lahat ng mga bagay na ito. At nang may pag-asa't pananabik ay naghihintay kami sa Iyong pagdalaw sa amin ngayong gabi habang kami'y nagkakatipun-tipon ngayon, at naniniwalang makikipagtagpo Ka sa amin tulad ng Iyong ipinangako. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na.

5 Naniniwala akong si David ang nagsabi, "Ako'y natuwa nang kanilang sabihin sa amin, sabihin sa akin, 'Tayo na sa bahay ng Panginoon.'" At tunay na lubos kaming nagpapasalamat na makadako rito ngayong gabi, at dama na isang pribilehiyo ang magkaroon ng ganitong dakilang pagkakataon na—na makaparito, para makapangusap sa inyo.

6 Gumagawa ako ng ilang mga teyp. Kaya tumatanaw lang ako diyan sa silid para tingnan kung inihahanda na ng mga kapatid ang mga teyp. Sige't—sige't naka-on na po raw, nakasalang na ang mga teyp. Buweno. Ang layunin nito, ay, nangako ako na magpapadala ng mga Mensahe, na manggagaling, at iti-teyp dito sa tabernakulo. Ngayon tayo po'y . . .

7 May gusto akong sabihin patungkol sa kaninang umaga. Kaninang umaga, o mga bandang tanghali po, pala, noong patapos na tayo kanina sa umagang pagtitipon, may bagay na nangyari na marahil wala ang ilan sa inyo rito at hindi n'yo pa nababalitaan. Isinasara ko na ang gawain, at nagsasalita ako mula rito sa entablado, pinagmamasdan ko ang isang kapatid na nakatayo rito na nakikipagkamay sa mga tao, na nagngangalang Kapatid na Way, 'yun ang tawag natin sa kanya rito. Ang maybahay niya'y isang mahusay na rehistradong nars.

8 At si Kapatid na Way ay isa sa mga lingkod ng Diyos, at may trabaho rin siya na walang kaugnayan sa simbahan, pero may tawag sa puso niya, nang maraming taon na, para sa larangan ng pagmimisyon. May pangunguna sa kanya na dadalhin daw siya ng Diyos dito at maghintay raw siya sa himpilang dakong ito hanggang sa makatanggap siya ng karagdagang utos para sumulong sa larangan. Ilang araw na ang nakalipas, nakausap ko pa siya, at nagpaunlak ako ng maikling panayam sa kanya at sa maybahay niya.

9 At kaninang umaga, noong ipinapahayag ko na may complex ako, nabanggit ko pa si Kapatid na Way na may complex din siya, na normal lang naman talaga sa lahat ng mga tao, at kaunting—kaunting saglit lang pagkatapos nun, inatake sa puso si Kapatid na Way at bumagsak sa sahig na patay na. At nakita ko ang maybahay niya, at napansin ko . . . Marami na akong nasaksihan na namatay, at di ko—di ko na—na sana sasabihin pa ito.

10 Gusto kong ipinagmamalaki si Jesus Cristo at ang kapangyarihan Niya. Anupa't sa ganitong pagkakataon haya't sa tingin ko di dapat natin sinusubukan sa anumang paraan na ipagmalaki Siya sa bagay na hindi Niya—hindi Niya—hindi Niya gawa. Pero saksi ako na talagang nagbubuhay si Jesus Cristo ng mga patay, maraming beses na, di mapasisinungalingan, mga pagsusuri pa mismo ng doktor ang patunay.

Halimbawa na lang, doon sa Connecticut kamakailan lang, sa isang pagtitipon, nakaupo sa isang malaki't, 'yung lumang . . . parang sikat na awditoryum, may isang Doktor Barton, na isang Cristianong doktor sa entablado kasama ko, isang doktor ng medisina. At may isang kilalang mabuting babaing Cristiano, na kalugud-lugod, na mayamang babae. Nakaupo siya sa may kaliwa ko. At nagtawag ako ng pila para sa pananalangin, at napansin ko 'yung babae nang isang iglap . . .

11 Sinuman, kapag huminto ang puso nila . . . Maipipikit mo ang mata mo, pero kapag shock 'yun na ikamamatay mo, kapag huminto ang puso mo, talagang titirik ang mga mata mo, at 'yung puting bahagi ng mata mo ang lalabas. At napansin ko 'yun habang natutumba siya. At dali-dali nilang tinawag ang doktor ng medisina, at napasugod ang doktor sa babae para kunin ang pulso nito, tapos umiling, nagpatong ng kamay sa babae, 'yung tainga niya sa puso nung babae. At patay na ang babae. Natumba ang babae sa sahig, at napasigaw ang anak niyang babae, na nagpatigil pansamantala sa pagtitipon. Nagpatuloy ako, dahil wala pa akong salita ng Panginoon para sa babae. Kaya't tuloy lang ako.

12 May mga nagsasabi roon na tawagi't magpaasikaso na kay Kapatid na Branham. At may nagsabi, "Ayaw namin siyang istorbohin sa pila ng pananalangin, dahil nasa ilalim siya ng espirituwal na pagkilala." At may nagsabi, "Tawagin n'yo ang batang Branham," si Billy ang tinutukoy. At si Billy, dahil may babaing namatay, iwas siya na . . .

13 Alam n'yo, nag-iingat ang mga tao yamang may namatay. Yun, 'yun—'yun kasi'y katawan na lang. Wala na 'yung nasa loob. Haya't, nag-iiba ang tingin ng mga tao. Mangyaring, wala na kasi roon 'yung tao, mismo; yumao na sila. At kaya iwas siya na—na lumapit sa babae, dahil patay na ang babae.

14 At pagkatapos biglang nangusap sa akin ang Espiritu Santo. Bumaling ako sa kinaroroonan ko, bumaba sa hagdan, lumapit sa kinaroroon nung babae. At habang papalapit na ako sa kinaroroonan nung babae, nagsalita sa akin ang Espiritu Santo; at sabi ko, "Mary!"

15 Sumagot 'yung babae, "Opo, Kapatid na Branham." Buhay siya. At—at di pa kami nakikita nung babae noon. Haya't unang pagkikita 'yun.

16 Pagkatapos sa Shawano nito-nito lang, oh, siguro, nitong huling, mga, apat na taon pa lang ang nakalilipas, o lima, nangungusap ako isang gabi doon sa armory. At dagsa ang mga tao. At may matandang lalaki na mga nasa walumpung taong gulang, sa palagay ko, at naroon din ang kalugod-lugod niyang maybahay, mga Lutheran sila sa pananampalataya, dumadalo roon sa malaki't kilalang simbahan ng Lutheran doon. Nakalimutan ko lang ang pangalan nung simbahan. Basta't pinakamalaking pagtitipon 'yun ng mga Lutheran sa Amerika, kapag pinagsama-sama silang lahat sa isang pagtitipon, 'yung lahat ng mga miyembro sa iglesya. At malaking dako nga 'yun para sa mga Lutheran. At habang nangungusap ako noon, nakita ko ang isang lalaki, umunday ang ulo niya nang *paganoon*; at bumagsak ang mga kamay niya, at natumba siya paharap, patay sa upuan. At napasigaw ang maybahay niya, at napasigaw ito nang ubod ng lakas, "Tulungan n'yo ako! Tulungan n'yo ako!"

17 At napatingin ako. Sabi ko, “Manatili lamang ang bawat isa sa pagkakaupo, manahimik lang.” Kita n’yo? Hinintay kong bigyan ako ng Panginoon ng pahayag. At—at ako. . .si Satanas. . .Naghahanda na akong magtawag noon ng pagdulog sa altar, at doon itinataon ng kaaway na magpakita.

18 Kaya nga napansin n’yo kapag magsisimula na sana kayong magtawag ng pagdulog sa altar, maski maliliit na sanggol ay bigla na lang napapangawa, at ganoong mga bagay? Si Satanas ’yun. Kayo na mga espirituwal ay nauunawaan n’yo.

19 Tapos ibinigay ng Panginoon sa akin ’yung pangalan nung lalaki, at tinawag ko siya, at kagyat siyang nabuhay nang *ganoon*.

20 At kaninang umaga noong pagbaling ko, kita n’yo, at saksi ako, nang maraming beses na, na binubuhay muli ng Panginoong Jesus ang mga patay. May munting sanggol na namatay noon sa Mexico nang alas nuwebe ng umaga, at ang mga oras na noon ay pagitan na ng alas diyes o alas onse ng gabi’t nabuhay muli ang sanggol. At—at ’yun po’y lehitimong patotoo na may kalakip na katibayang-saksi ng doktor, kita n’yo, na namatay ’yung sanggol sa tanggapan ng doktor nang alas nuwebe ng umagang ’yun. Sa pagkakaalala ko pulmonya. At ’yung sanggol po’y buhay na buhay ngayon, sa pagkakaalam ko. At nangyari ’yun sa harap ng, oh, naku, tatlumpu, apatnapung libong tao.

21 At pagkatapos kaninang umaga nakita ko mismo ang ating Kapatid na Way, habang nakaupo siya, haya’t nakaupo siya rito ngayon. Pero habang nakaupo siya kanina sa banda *rito* sa isang dako, o nakatayo siya. At kumakanta tayo, ng, “Glory, glory, hallelujah,” at nagkakamayan. Napansin ko noong atakihin siya, haya’t umunday ’yung ulo niya. Siya, si Kapatid na Way, hindi siya ganoon na bigla na lang mahihimatay o magkakaganoon. Pero, siya, nakita ko siya na natumba nang patalikod. At nakita ko ang maybahay niya na isang rehistradong nars, tiningnan ang pulso niya. At napasigaw ang kapatid na babae; wala na siyang pulso.

22 At—at sa palagay ko parang si Kapatid na babaing Nash po yata, na isang ginang dito, isang itim na kapatid na babae na dumadalo rito sa simbahan, agad tumakbo ang ilan dito sa harap. At pagkatapos siya, si Gng. Way, sinusubukan niyang kunin ang pansin ko para lumipat sa kabilang bahagi ng entablado. At sabi ko, “Ang bawat isa’y tumahimik, manatili sa kinauupuan n’yo.” Na huwag matataranta sa ganoong mga pagkakataon. Kita n’yo? Yan kasi ang gustong mangyari ni Satanas. Maghintay lang kayo at tingnan n’yo kung anong sasabihin ng Diyos. Kung pahiwatig ’yun na may tutungo na sa Kaluwalhatian, buweno, lilisan at lilisan din naman tayo balang araw, wala nang mas iinam na lugar kaysa sa loob ng

simbahan, haya't—haya't loob mismo ng bahay ng Panginoon. Kaya naman . . .

Haya't may lalaking natumba. Naisip ko na baka ano lang, hinimatay lang siya o may kung ano na nangyari sa kanya, kaya siya natumba. Pero noong pagtingin ko, haya't nakapaling nang *paganito* 'yung ulo niya, at nakita ko 'yung loob, na ilalim na bahagi ng mga mata niya, na nakalabas. Hindi n'yo maipipikit, o hindi n'yo kusang magagawa 'yung ganoon sa mata n'yo; 'yung paghinto ng puso ang may gawa nun. At kaya lumakad ako *rito*, at siya . . . May kapatid, na nagmalasakit, na naglagay ng . . . isang bagay para mapagpatungan ng kanyang ulo. At 'yung mga paa niya, mga kamay, at lahat, ay nanigas. Huminto. Kasing itim na ng amerikana ko ang mukha niya, mamula-mulang itim, at nakatirik ang mga mata niya. At alam kong atake sa puso. Alam ko ang nagiging lagay nila't kung anong kinasasapitan nila; sinuman na nakakita na ng ganoon. Tapos ipinatong ko ang kamay ko sa pulso niya, at wala nang pulso't kasing wala ng mesang ito. Wala maski kaunti. Narito ang maybahay niya, na isang rehistradong nars, na tumingin sa pulso niya. Wala mismong pulso.

23 Mangyari rin, na noong isang araw pa lang habang nasa harapan ko si Kapatid na Way para sa espirituwal na pagkilala rito, nakita ko na na may kakaibang tunog sa puso niya, ganoon nga. Kaya naisip ko, "Ito na 'yun." Kaya ipinatong ko ang mga kamay ko sa kanya. Sabi ko, "Minamahal na Diyos, tinatawag ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang kaluluwa ng aking kapatid, ang kanyang buhay na maipanumbalik muli." At alam ng Panginoong Jehovah, haya't ang Kanyang Biblia'y narito sa harap ko, haya't parang naramdaman ko, noong ipatong ko ang kamay ko sa pulso niya . . . At alam kong pananagutan ko ito sa Araw ng Paghatol kung mali ito. At ang pakiramdam nga'y parang tumibok ang pulso niya nang apat o limang beses, nang mabilis, gumanoon, tibok, tibok, tibok, tibok, tibok; at pagkatapos unti-unting, bumagal, tibok, tibok, tibok, tibok.

24 Tapos pilit niyang ibinubuka ang bibig niya para may sabihin sana sa akin. At sinusubukang kontrolin ang bibig niya, at medyo laguklok, ang dating, para lang masabi 'yun. At hirap man ay nabigkas niya ang mga salitang, "Kapatid na Branham." Tapos parang makakatulog uli siya o kung ano, at naghintay ako pansumandali uli, tiningnan uli ang pulso niya; normal na ang tibok. At pagkatapos tumingin uli ako, at tumingin na siya sa akin. At siya'y para bang, pansin ko, wala pa siya sa sarili; hindi niya alam kung nasaan siya, pero normal na ang tibok ng puso niya. Haya't ipinanumbalik ng Diyos ang buhay niya sa kanya muli.

25 Kaya sinasabi ko—sinasabi ko 'yan bilang parangal kay Jesus Cristo, na Siya ang siya pa ring Diyos, na kapag . . . Kaninang umaga ay nangaral ako nang mahaba-haba, lumampas ako sa

oras ko, at talagang napagod. At dalawang bagay lang ang ibig sabihin. Alinman sa napagod siya, o noong mabanggit ko 'yung tungkol sa pagkakaroon ng complex, hindi ko 'yun binanggit para—para maaligaga ang kapatid ko, gaya ng masasabi natin dito, dahil ako lang. . . Nagkukuwento lang ako ng tungkol sa pagkakaroon ng complex. At sa palagay ko kung tatanungin ko ngayong gabi, sa mga tagapakinig dito, "Ilan dito ang aminadong may complex kayo?" halos lahat ng kamay ay tataas. Para malaman mo, Kapatid na Way, para maipakita ko sa iyo kung ito'y espirituwal na pagkilala o hindi. Ilan po ang aminado na may complex kayo, itaas n'yo ang kamay n'yo. Tingnan n'yo! Kita n'yo? Pero di ko—di ko alam kung 'yung biglaang pagsabi ko nun tungkol kay Kapatid na Way, ay ang dating nun sa kanya'y baka pinagsasabihan ko siya o kung ano, pagkatapos, nangyari 'yun sa kanya, tapos ipinanumbalik uli siya ng Panginoong Jesus.

26 Ngayon ako—ako. . . iniisip ko na ang siya ring Diyos na kinakatawan ng dakilang San Pablo noong panahon niya, na noong nangaral siya nang mahaba isang gabi, at nahulog ang isang lalaki't namatay; at si Pablo'y, lumapit sa lalaki, na sa biyaya ng Diyos, ay nasabi niya sa mga tagapakinig, "May buhay na ang lalaki." Sa tingin ko—sa tingin ko'y pinatutunayan n'yan sa atin, o kung di pa kayo nakakakita ng ganito dati, na si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

27 At mangyaring ganito marahil ang dahilan, haya't pinagbubulayan ko 'yun kaninang hapon. Na, tumayo ako rito, at buong puso kong sinaysay sa inyo nang eksakto ang Katotohanan, at binanggit sa inyo ang tungkol sa complex ko, at hayagan kong ipinagsabi, dahil. . . at hiniling sa inyo na ipanalangin na ang panloob kong pagkatao'y mabago tungo sa mga tao, na magawa ko ang gaya ng ginawa ng Panginoon. At para kumpirmahin na isusugo pa rin Niya ako sa pagmimisyon, kaya ipinahintulot Niyang mangyari 'yun para ipakitang nagpapagaling pa rin Siya ng mga maysakit, uh-huh, kita n'yo, nagbubuhay ng mga patay. At sa tingin ko'y di mapasusubaliang kumpirmasyon 'yun ukol sa bagay na ipinapangaral ko, at pagpapatotoo 'yun ukol sa Kaharian ng Diyos. At parang ganoon po 'yung sinabi Niya kay Kapatid na Roberson diyan, at sa isa pang kapatid. Ngayon minamahal natin Siya dahil dun.

28 At tayo'y nagpapasalamat ngayong gabi na kasama natin sa gabing ito si Kapatid na Way. At tiyak na hindi pa tapos ang Diyos sa kapatid natin, dahil kung tapos na'y lumisan na siya kaninang umaga. May bagay pa na dapat gawin si Kapatid na Way. At gusto kong malaman mo, Kapatid na Way, na ang buong iglesyang ito, kabilang ako, ay mananalangin na ipakita nawa ng Diyos ang plano Niya para sa buhay n'yo ng maybahay mo; at, sa sandaling mangyari 'yun, haya't ilalagay ka roon. Sigurado akong gagawin Niya 'yun, Kapatid na Way. At lahat kami, bilang

mga Cristiano, ay tatanaw ng pasasalamat para kay Kapatid na Way. Tama ba, iglesya? At ipapanalangin na siya at si Kapatid na babaing Way ay masumpungan nila ang kanilang lugar sa Panginoon, para sa habambuhay nilang paglilingkod.

29 Ngayon, mangyari rin, na gusto kong makausap kanina si Kapatid na Way. Dumating ako nang maaga para makausap ko siya at alamin mismo ang saloobin niya, o kung anong nangyari. At wala raw siyang kamalay-malay. Kita n'yo, basta na lang daw nandilim, at basta na lang siyang bumagsak at nawalan ng ulirat. Ganoon po raw.

Gustong malaman din ni Kapatid na Way o nagtanong siya kung mayroon dito sa gusali na papunta ng Arkansas, nang Martes o kung kailan man kayo pupunta, sa—sa pagtitipon na ito. Ngayon, marahil isang—isang mumunting pagtitipon lang ito. Pagkikita-kita ng magkakapatid. At sa tingin ko'y parang sa liblib na lugar, o parang ganoon, malayo. At marahil di ganoong karaming tao ang magpupunta, sa palagay ko—sa palagay ko, sa pagtitipon, dahil, ang totoo n'yan, di pa nila alam na darating ako, hanggang ngayon. Kita n'yo? At mangyaring 'yung mga kaibigan ko sa palibot dun, marahil sa isang gabi pa o dalawa bago nila malaman, kahit nung mga kaibigan ko sa Arkansas, na nakakakilala sa akin dun, na darating sa pagtitipon. Pero kung may pupunta, at puwede pa kayong magpalulan ng makikisakay, ikagagalak ni Kapatid na Way. Pinapasabi niya na hindi siya magiging pabigat sa mga tao, na kailangan n'yo pa siyang asikasuhin habang nandun siya, dahil kaya naman niya. Pero siya, kung may pupunta po raw, magiging tanda 'yun sa kanya na ibig ng Diyos na pumaroon siya, at nasa—nasa kalooban ng Diyos na siya'y makapunta dun. Hayan po na kilala n'yong lahat si Kapatid na Way, nakaupo siya riyan sa may sulok. Kung may magmamagandang-loob, na pupunta, at puwede pa kayong magsakay ng isa pang pasahero, ikagagalak daw niya na sumama.

30 At pagkatapos sa susunod na Linggo ng gabi, loobin ng Panginoon, ako'y—ako'y babalik, o sa susunod na Linggo ng umaga, pala. At—at kung si Kapatid na Neville ang magsa-Sunday school, at pagkatapos nun, gusto kong gumawa ng panibagong teyp kung magagawa ko. At kung di ako nagkakamali, sa tingin ko'y mangungusap ako tungkol sa *Ang Iyong Buhay Ba'y . . . Ang Iyong Buhay Ba'y Karapat-dapat Sa Ebanghelyo?* Hayan, hayan po, o, *Ang Iyong* maybahay . . . *Buhay Ba'y Karapat-dapat Sa Ebanghelyo?* Yun po ang ibig kong sabihin. *Ang Iyong Buhay Ba'y Karapat-dapat Sa Ebanghelyo?* At gusto kong gumawa ng teyp ukol dun, kung loobin ng Panginoon.

31 At ngayon, sa gabing ito, naanunsyo ko na ngayong araw ay gagawa ako ng teyp. At ang pastor, sa tingin ko'y di na siya nangaral; tinawag na niya ako, at para makapangusap

dito sa entablado. Ngayon, di ko lang alam kung. . .Ngayon, kung gumagawa ba sila ng mga teyp, kaya kung parang nakakaramdam kayo ng pagod o kung ano, tapos gusto n'yong lumabas, gawin lang po nang tahimik sa abot ng makakaya n'yo, dahil ayaw nating. . .Kita n'yo, ang mga—ang mga mikropono po rito'y masyadong, masyadong sensitibo, at sumasagap ng kahit kaunting ingay. At gumagawa po tayo, pinagsusumikapan nating gumawa ng mga teyp para sa isang internasyunal na pagmiministeryo.

32 At ngayong gabi gusto kong ipabatid ang paksa ko habang ang. . .pagkatapos kong—kong basahin ang Salita ng Diyos, na matatagpuan sa Ebanghelyo ni San Mateo, sa ika-24 na kabanata. Mula sa Ebanghelyo ayon kay San Mateo, sa ika-24 na kabanata, at sige't simulan natin ngayon sa ika-32 talata at basahin ang Kasulatan.

> *Sa puno ng igos nga ay pagaralan ninyo ang kaniyang talinghaga; Pagka nananariwa ang—ang kaniyang sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman* ninyo *na malapit na ang tagaraw:*
>
> *Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyo ang lahat ng mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa* pintuan *nga.*
>
> *Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa ang lahat ng mga bagay na ito* ay *maganap.*
>
> *Ang* kalangitan *at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas.*
>
> *Nguni't tungkol* sa *araw at* sa *oras na yaon walang makakaalam, wala, kahit ang mga anghel sa langit, kundi* ang *Ama lamang.*
>
> *At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao.*

33 Ngayon sa pagbabasa natin, masusumpungan natin ngayong gabi, habang nagbabasa tayo, na sa unang bahagi ng kabanatang ito'y mababasa dun na pribadong tinawag Siya ng mga alagad sa ibabaw ng burol, o bundok, at sinabi nila sa Kanya, "Ano ba ang magiging tanda ng katapusan ng sanlibutan? Ano ang magiging tanda ng Iyong Pagparito? At kailan darating ang panahon na walang matitirang isang bato sa ibabaw ng isa pang bato, sa templo?" Ngayon ganito ang isinagot Niya. Tingnan n'yo rito sa unang talata.

> *. . .lumabas si Jesus sa templo, at payaon sa kaniyang lakad: at nagsilapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad. . .upang sa kaniya'y* ipamalas *ang* gusali *ng templo.*

*Datapuwa't sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Hindi baga ninyo nangakikita ang lahat ng mga bagay na ito? katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dito'y walang maiiwang isang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi ibabagsak.*

At ang kanyang alagad. . .*At samantalang siya'y nakaupo sa bundok* . . . (pasensya na po) . . .*samantalang siya'y nakaupo sa bundok ng mga Olivo, ay nagsilapit sa kaniya ng bukod ang mga alagad, na nagsisipagsabi, Sabihin mo sa amin, kailan* na ang mga bagay na ito ay *mangyayari? at ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanglibutan?*

34 Kita n'yo, tatlong tanong ang itinanong nila, at sinagot Niya ang tatlong tanong. "Kailan darating ang panahon na walang matitirang bato sa ibabaw ng isa pang bato? Ano ang tanda ng Iyong Pagparito? At ano naman ang tungkol sa katapusan ng sanlibutan?" At kadalasan, naniniwala ako, na nagkakamali tayong mga kapatid sa tuwing tinatangka nating iugnay ito sa Kanyang Pagparito. Pero tatlong magkakaibang tanong ang sinasagot Niya na itinanong sa Kanya. "Bakit darating ang panahon na walang matitirang bato sa kapwa bato; kailan mangyayari ang bagay na ito? At ano ang magiging tanda ng Iyong Pagparito? At ano ang mangyayari kapag katapusan na ng sanlibutan?" Kita n'yo, tatlong magkakaibang tanong. At sinimulan Niyang sagutin ang isa, tungkol sa kung kailan mangyayari na "walang bato ang maiiwan sa ibabaw ng isa pang bato." At pagkatapos Niyang sagutin ang tanong na 'yun, saka naman Niya sinimulan, "ang tanda ng Kanyang Pagparito." At pagkatapos dumako sa "katapusan ng sanlibutan."

35 Ngayon mapapansin natin dito ang isa sa mga bagay na gusto kong talakayin ngayong gabi, itong *Ang—Ang Kumikislap Na Pulang Ilaw Na Tanda Ng Kanyang Pagparito*. At pagtutuunan natin ngayong gabi ang mga araw ni Noe, "Gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." At ako. . .tumimo sa akin ito noong isang araw, at naisip ko na marahil pagsusumikapan ko itong mai-teyp at matalakay ito. At nakapaglista ako ng ilang mga Kasulatan dito na gusto kong sipiin, marahil, at—at basahin, maya-maya.

36 Mangyari nga na itinanong sa ating Panginoong Jesus ang tanong na ito, at ibinigay Niya sa kanila ang tanda ng Kanyang Pagparito. At pagkatapos ay agad Niyang sinabi ito, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas." At pagkatapos sinabi Niya, "Pag-aralan ninyo mula sa puno ng igos ang kanyang talinghaga. Na kapag umuusbong na ang mga sanga, alam ninyong malapit na ang tag-araw. Kaya kapag nakikita n'yo na ang mga bagay na ito na natutupad na, o nahahayag, alam n'yong napipinto na ang oras. At ang salinlahing ito'y hindi lilipas hanggang sa maganap ang

lahat ng mga bagay na ito." Anong salinlahi? Ang salinlahi na nakakasaksi sa apostasiya na pag-uusapan natin ngayong gabi.

37 Kaya kung pagbubulayan natin ang teksto ko, itong kumikislap na pulang ilaw ng Kanyang Pagparito, naaalala ko rito ang paghihintay sa isang istasyon ng tren, na kapag may tao o may mga tao na nakatayo sa paligid, gaya ng nararanasan ng marami sa atin, kapag naghihintay tayo para makasakay ng tren. At hindi natin naririnig ang tren, o hindi n'yo 'yun matanaw, pero alam n'yong oras na—oras na. Marahil sasabihin ng despatsador, "Medyo atrasado lang—lang siya. Di lang sakto sa iskedyul, haya't di lang natin alam kung anong eksaktong oras mismo, pero darating at darating siya sa lalong madaling panahon." At magpapalakad-lakad tayo sa istasyon, na nakabulsa ang mga kamay natin, at mauupo sa ibabaw ng mga maleta natin, at lalabas at bibili ng sangsupot na mani, at makikipag-usap sa. . .sa makasalubong sa kalsada. Pero bigla na lang makikita natin na may nangyayari na. May ingay na nanggagaling sa riles. At sa puntong 'yun, bababa ang harang, at magsisimulang kumislap ang pulang ilaw. Ano 'yun? Nasa bloke na ang tren. Di pa n'yo man siya marinig, di pa n'yo man siya makita, pero sa kabila nun pinapahiwatig nung kumikislap na pulang ilaw na 'yun at nung nakababang harang na paparating na siya. At kung inaasahan mong makaalis sakay sa tren na 'yun, mainam na ibaba mo na ang supot ng mani, huminto ka sa pakikipag-usap, damputin ang mga maleta, at maghanda o kung hindi'y maiiwan ka, dahil hihinto lang siya nang ilang sandali. Aalis din siya. Kung magpapatuloy ka sa pakikipagkuwentuhan, dun sa makasalubong mo sa kalsada, haya't maiiwan ka.

38 Gaano pa kaya, kung ganoon, kapag nakikita na natin ang kumikislap na tanda na nasa bloke na Siya! Ang matandang tren ng Ebanghelyo ay dadaan na, sa lalong madaling panahon. At habang pinag-aaralan natin ngayong gabi ang dakilang tekstong ito, ng kumikislap na tanda, na nakaupo ang Panginoon natin sa bundok at sinaysay sa kanila ang mga bagay na ito na magaganap, "Kung papaano sa mga araw ni Noe, ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao."

39 Ngayon nais nating magbalik-tanaw, nang kaunti, at alamin kung makakahanap tayo ng anumang bagay sa panahon ngayon na may kahawig noong mga araw ni Noe. At pagkatapos ay masasabi natin kung nasaan na tayo sa panahong 'yun na sinaysay ng ating Panginoon, tingnan natin kung makakakita tayo ng kahit anong pagkakahawig sa mga araw ni Noe. Para magawa ito, sa tingin ko'y dapat tayong magbalik-tanaw sa Aklat ng Genesis, sa mga araw ni Noe. At kung sasamahan n'yo ako sa pagbuklat, kung mamarapatin n'yo, sa Kasulatan, bumalik tayo sa ika-6 na kabanata ng Genesis, at 'yun 'yung panahon ng baha, at naroon ang moralidad at mga kalagayan noong panahong 'yun, sa ika-6 na kabanata ng Genesis. Ngayon,

nais nating basahin, tingnan, at ihambing ang panahong 'yun sa panahon ngayon. Pansinin.

> *At nangyari, nang* nagsimula *na dumami* ang mga tao sa *balat ng lupa, . . .*

40 Pinakaunang salita pa lang ay ipinapakita na sa atin ang isang ganap na kumikislap na ilaw na ang panahon ay malapit na, dahil walang panahon kailanman sa buong kasaysayan na ganoong karami ang mga tao, at napakabilis dumami, gaya sa panahon ngayon, hanggang sa pahirapan makahanap ng matitirhan. At napakaraming tao ang dumarami't dumarami sa ibabaw ng lupa, hanggang sa sabihin ng siyensiya, na, "Kung magpapatuloy pa sa pagdami gaya ng nangyayaring ito, sa loob ng dalawampung taon ay wala nang maitutustos na pagkain sa lupa para sa mga tao." *Reader's Digest*, sa palagay ko dun, ganoon ang pagkakasipi, na, "Wala nang maitutustos na pagkain para sa mga tao, napakabilis nilang dumami."

41 Maigagala natin ang paningin natin at makikita na ang mga lugar na dating ilang ay naging lungsod na, at sa kabila n'yan grabeng laganap at talamak ang pangongontrol ng panganganak. Sa palagay ko ang ulat sa Chicago . . . Sana di ako mamali ng pagbanggit ng mga datos. Pero ang aktuwal na naitalang mga kaso, ay tatlumpung libong kaso ng aborsyon kada animnapung araw, sa Chicago. Mga kaso ng aborsyon kada animnapung araw, ayon sa tala! Paano kaya 'yung mga di kasama sa tala? Kita n'yo, sa isang malaking lungsod pa lang ito na may apat-na-milyong populasyon! Paano pa kaya sa buong mundo? At sa kabila n'yan sobrang siksikan na ang populasyon hanggang sa mapabayaan na . . .

42 Ang India, sinusubukan nilang . . . manupil ng pantaong bahagi ng tao, at ginagawa silang baog, para wala nang maipapanganak na bata, dahil sila'y—sila'y sobrang dumarami na. Apatnaraan at pitumpung milyon na, sa ngayon, sa India.

43 Paano naman ang Tsina, kung saan mas malaki ang pagdami, o ang Rusya at marami pang bansa sa buong mundo? "Nang magsimulang dumami ang tao sa ibabaw ng lupa." Kita n'yo? Ngayon bumabalik tayo sa panahon bago ang pangmalawakang pagkagunaw sa baha.

> *. . . at mangagkaanak ng mga babae,*

> At *nakita ng mga anak ng Dios na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao; at sila'y nangagsikuha* ng *kanikaniyang asawa . . . lahat ng kanilang pinili.*

> *At sinabi ng* PANGINOON, *Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man, sapagka't siya ma'y laman: gayon ma'y magiging* isang—isang *daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw.*

At *ang mga higante ay nasa* lupain *ng mga araw na yaon; at pagkatapos din naman* nila. . .*na makasiping ang mga anak ng Dios*. . .sa *mga anak na babae ng* tao, *at mangagkaanak sila sa kanila,* at *ang mga ito rin ang naging makapangyarihang* mga lalaki *nang unang panahon,*. . .*bantog.*

44 Oh, napakatindi nitong—nitong paksa na talakay natin dito! Kita n'yo? Ngayon, isa sa mga unang bagay na gusto kong mapansin n'yo, mangyaring ang—ang mga anak na lalaki ng Diyos ay nakita ang mga anak na babae ng tao, na sila'y magaganda. Ngayon hindi ko. . .Buong mundo po ang tinutukoy ko rito. Pero kailanman ay walang naging panahon sa lupa, sa pagkaalala ko, maliban sa panahong 'yun, na nagkaroon ng ganoong—ganoong lansakang kagandahan sa gitna ng mga kababaihan.

45 At maaalala n'yo, ilan sa inyo na matatandang kababaihan, at ilan sa inyo, na mga kalalakihan, kung matatandaan n'yo pa ang mga taon na nagdaan, kung gaanong kadalang kang makakakita ng marikit na babae. Pero ngayon wala kang makikita't panay magaganda na. Dahil dumating na sila sa isang punto na talamak ang pagpuputol ng buhok, at meykap, at—at lahat na ng uri ng mahahalay na damit at mga bagay-bagay. Prinipresenta nila ang kani-kanilang sarili sa ganoong paraan. At heto rin, isa pang bagay, ibinabalik 'yun ng kamay ng orasan, ayon sa Kasulatan. At patuloy ang pag-angat at pag-angat ng kagandahan ng mga kababaihan.

46 Naaalala ko noong batang paslit pa lang ako na nagi-eskuwela, at lilingon at titingnan ang munting mga kabataan sa panahon ngayon, ang mga dalagita na nagsisilitawan. At makikita ko, kung aalalahanin ko ang itsura ng mga kababaihan noong kabataan ko, at titingin sa mga dalagita ngayon. Tanda ko na may isang popular na dalagita, at wala pang dalawampu't limang taon ang nakalilipas, may isang popular na dalagita, marikit na dalagita, at halos lahat ng binatilyo'y gustong manligaw sa dalagitang ito, dahil siya ang reyna ng—ng grupo. Marahil sa buong lungsod mismo, may dalawa o tatlo lang na ganoong kababaihan noon. Ngayon ang lahat ay nagririkitan na, lahat sila. Katuparan nga 'yan ng Kasulatan, at isang pulang ilaw na kumikislap na napipinto na talaga ang panahon.

47 Nakapag-imbento sila ng ganoong mga bagay gaya ng lipstik at—at meykap, na ang isang babae na kahit di gaanong kagandahan, ay maaari pa rin niyang pagandahin ang sarili niya sa pamamagitan ng—lahat nitong mga pagbabanat ng mukha at mga—mga bagay na ginagawa nila para mapaganda ang sarili.

48 Araw at gabing bukas ang Max Factor, at mas marami pang ginagastos sa mga kosmetiko, sa Amerika, sa loob ng isang taon, para pagandahin ang mga kababaihan, kaysa sa ginagastos

para sa pangaraw-araw na pangangailangan. Ganoon nga. Nakalimutan ko lang kung ilang bilyong dolyar kada taon ang ginagastos para sa mga kosmetiko, para pagandahin ang mga kababaihan natin.

49 Ngayon, wala akong sinasabi na anumang laban dun, ipinapakita ko lang sa inyo na ito'y isang kumikislap na pulang ilaw na napipinto na ang panahon. Dahil sinabi Mismo ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, gayon din naman sa pagparito ng Anak ng tao." Kita n'yo, parehong bagay.

50 At pansinin, "Nang magsimulang dumami ang mga tao, maraming tao. Ang mga anak na babae ng tao'y magaganda; at ang mga anak ng Diyos ay tumingin sa kanila, at sila'y kumuha ng kanya-kanyang asawa." Ngayon, hindi ko po 'yan sariling pahayag. Binabasa ko lang ito mula sa Biblia, kung saan sinabi ni Jesus na magbalik-tanaw tayo sa Genesis at paghambingin ang mga panahong ito. Ang pagdami ng mga tao, at ang kagandahan ng kababaihan, ngayon isa 'yang malaking tanda.

51 Ngayon ang babala, ang babala ni Jehovah, sa ika-3 talata.

*At sinabi ng* P*ANGINOON*, . . .

52 Dali-dali pagkatapos na mangyari ito . . . Tandaan n'yo, ang Espiritu Santo ang sumulat ng Biblia, at si Jesus ay pinuspos ng kapuspusan ng Espiritu Santo. At Siya'y nagsasalita lamang sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At ang Mga Kasulatan ay isinulat ng Espiritu Santo. At Yaong Mismong sumulat ng Genesis 6, ay sinaysay sa atin sa Mateo 24, na alamin kapag malapit na ang panahon, para bumaling pabalik ng Genesis 6 at ihambing ito.

53 Pagdami ng mga tao sa ibabaw ng lupa; at sa kabila ng pangongontrol sa panganganak, at lahat ng mga bagay na nangyayari, ay di man lang ito mapigilan. Nagpapatuloy pa mismo, dahil nasa huling panahon na tayo.

54 At pagkatapos pansinin, agad na dumating ang panahon na sinasabing napakaganda na ng kababaihan, maririkit. At inobserbahan natin 'yan dito at mapapatunayan ito.

55 Ngayon, may tinitingnan akong mga larawan ng unang panahon noong ang mga ninuno natin, noong binagtas nila ang kapatagan. At di ko lang maalala 'yung—'yung pangalan nung babae, pero kilala ang pangalan niya mula San Francisco hanggang—hanggang Boston, bilang pinakamagandang babae sa bansa. Pearl White, yata, ang pangalan niya, maraming taon na ang nakalipas. Pinatay siya ng kasintahan niya, si Scott Jackson. At kung titingnan n'yo 'yung litrato nung babae, para ituring na pinakamagandang binibini raw sa lupain, halos di n'yo siya mapapansin. Magmumukha siyang antigo rito sa lansangan. Halos kahit sinong babae na makikita n'yo saan mang direksyon kayo humarap, ay tatlong beses na

mas maganda kaysa sa kanya, kahit sinong babae ngayon na makikita n'yong naglalakad lang sa kalsada. Kita n'yo, 'yan po'y paglago, ng kagandahan ng mga kababaihan.

56 At iniisip ko kung napagtatanto kaya ito ng mga kababaihan natin at kaya nilang. . . Yan ang dahilan kung bakit gusto kong lumabas ang teyp na ito, para—para di kayo masyadong. . . Gusto natin na maging maganda kayo, pero gusto natin na maging natural kayo. Ayaw natin na hanggang panlabas lang ang tuon n'yo. Ilan sa magagandang babaing ito, kung pababababarin n'yo sila sa tubig sandali at paghihilamusin sila, marahil medyo mag-iiba ang itsura nila, at—at pagbibihisin n'yo sila ng nararapat nilang suot. Pero ayaw nilang—ayaw nilang—ayaw nilang gawin 'yun, at hindi n'yo sila makukumbinsi't mapagsasabihan. At dadako tayo riyan maya-maya. Pero ito ang—ang kumikislap na pulang ilaw.

57 At tandaan, noong magsimulang dumami ang mga tao sa ibabaw ng lupa, at ang mga kababaihan ay nagsigandahan, 'yun 'yung oras, 'yun 'yung panahon, na:

> . . .*sinabi ng* PANGINOON, *Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man,*. . .

Nakikita n'yo ba ang mahigpit na hawak? Nakikita n'yo ba ang kamay ng Diyos? "Ang Aking Espiritu!" Ang mga anak na babae ng tao ay magaganda; at kumuha sila ng kanya-kanyang asawa. At sinabi Niya, pagkatapos, "Ang Aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailanman. Itatakda Ko ang kanyang mga araw."

Ngayon sa ika-4 na talata:

> At *ang mga higante ay nasa lupa ng mga araw na yaon; at pagkatapos din naman,*. . .*na makasiping ang mga anak ng Dios*. . .*sa mga anak na babae ng tao,* o—o *sa mga anak na babae ng tao, at nagsilang sila* sa kanila *ng mga anak sa—sa kanila,* at *ang mga ito rin ang naging makapangyarihang lalaki nang unang panahon,*. . .*bantog.*

58 Napansin n'yo ba na walang nabanggit tungkol sa pagkakasal? Pansinin, "Ang mga anak ng Diyos ay sumiping sa mga anak na babae ng tao," walang nabanggit tungkol sa pagkakasal. At kung kukunin n'yo sa orihinal na Griyego, ang kahulugan nung salita, heto ang sabi, naisulat ko 'yun dito sa kung saan, isang "asawa." "Kumuha ng kanya-kanyang *asawa*," sa ika-3 talata, "kumuha ng kanya-kanyang *asawa*." Sa Griyego, tiningnan ko 'yun kaninang hapon, hindi sinabi dun, "Kumuha ng kanya-kanyang *asawa*." Ang sabi, "Kumuha ng kanya-kanyang *babae*," hindi mga asawa. Ngayon tingnan n'yo 'yun sa ano n'yo—sa ano n'yo. . . Emphatic Diaglott, at tingnan n'yo kung hindi ba't totoo.

59 "Kumuha ng kanya-kanyang *babae*," hindi mga asawa. Basta-basta na lang nila sila kinuha, walang kasal-kasal, gaya ng nasa paligid natin ngayon. Sa ibang salita, may mga ganoong magkakarelasyon noong panahon na 'yun gaya ngayon. Sige sila sa kung anong gusto nilang gawin, at basta-basta na lang kumuha ng kakasamahing babae.

60 "At nang ang mga anak ng Diyos . . ." Ngayon, marami ang nagsasabi na nahulog na mga Anghel daw 'yun, at kung ano pa, at mga lalaki't mga babae raw sila. Pero para ipakita na mali 'yun, na lubos na mali 'yun, hindi sinasabi ng Biblia kahit saan na ang mga Anghel ay lalaki o babae. At, bukod pa roon, wala kailanman na isang—isang babae na tinukoy bilang isang Anghel, sa Biblia, wala kahit kailan. Ngayon kung gusto n'yo ng Kasulatan para diyan, Mateo 22:20, at iba pa, puwede n'yong hanapin.

61 Ngayon, haya't, haya't, walang ganoong bagay na babaing anghel. Yan ang dahilan kung bakit ang isang babaing mangangaral . . . Ang *anghel* ay isang "mensahero." At ang isang—at ang isang . . . Ang *anghel* ay isang "mensahero." At kaya walang ganoon. Pero, kita n'yo, haya't binago nila 'yun sa panahon ngayon, na maging katulad nung panahon noon. Ngayon, may ilan akong tala ng kasaysayan na naisulat dito, na ating dakuan nang ilang minuto.

62 Pansinin, ang mga kababaihan noong panahong 'yun, panahon ni Noe, marahil tampok sila ng usap-usapan noong panahong 'yun. Kita n'yo, "ang mga anak ng Diyos," kay Set, mga anak na lalaki ni Set, nakita nila ang mga anak na babae ni Cain, na sila'y magaganda. Bakit? Masasama sila, at mga anak na babae sila ni Cain. "Nang makita ng mga anak ng Diyos ang mga anak na babae ng tao, sila'y magaganda, kumuha sila ng kanya-kanyang babae. Pagkatapos nahulog ang mga anak ng Diyos mula sa kanilang kalagayan sa Diyos, at naging mga habol-babae." At kung hindi 'yan ang saktong-saktong larawan sa panahon ngayon, hindi ko na alam kung ano pa. Totoo.

63 Lalaki! Tingnan n'yo na lang ang mga kaiglesyahan natin ngayon, tumingin kayo kahit saan pa n'yo nais bumaling, mapapansin at mapapansin n'yo. Sa lahat ng dako mismo, mistula sa panahong 'yun, naggagandahan ang mga kababaihan. Naging alipin nila ang mga kalalakihan, sabi ng kasaysayan, ang mga kalalakihan ay aktuwal na naging alipin ng mga kababaihan, dahil sila'y naggagandahan, kaya naging mga alipin sila. Literal na nagtayo sila ng mga dambana, at sumamba. At, isipin n'yo, literal na nagsisamba sila sa laman at dugo ng babae noong panahong 'yun. Kasaysayan 'yan.

64 At ihambing n'yo 'yan sa panahon ngayon. Parehong bagay mismo, kapatid ko. Aktuwal na sumasamba ang mga kalalakihan sa mga babae. Naku't, sa sarili pa lang nating bansa,

dobleng mas nasa kamalayan ng masa si Gng. Kennedy, kaysa sa Presidente. Ganoon nga. At mangyaring laging tampok ng usap-usapan ang isang lalaki, kung may kaakit-akit siyang asawa, ganoon nga.

65 At ngayon may ganyan din silang sinasabi tungkol sa pagmamaneho. Naririnig-rinig n'yo 'yan na sinasabi-sabi nila na ang mga kababaihan daw ang pinakaligtas magmaneho. Mali 'yan, sige't sasabihin ko sa inyo kung bakit. Si Billy at ako, sa paglalakbay namin sa buong Estados Unidos, personal mismo kaming saksi, may—may maliit na mapa kami sa kotse, maliit na tsart, at sinulatan namin 'yun ng "lalaki" at "babae." At sa tuwing may babaing magkakamali, naglalagay kami ng markang-guhit sa kulumna ng babae; at kung lalaki naman ang magkamali, naglalagay kami sa kulumna ng lalaki. At sa tatlong-daan, na tinatawag naming "mali-mali," na mga pinatabi sa gilid ng kalsada, magugulat kayo. Dalawang-daan at walumpu ang babae, sa labing-siyam na lalaki. Pero alam n'yo ba? Hindi 'yun umaabot sa korte ng kapulisan. Hindi aaresto ang pulis ng isang magandang babae; isa sa isang libo. Yung babae. . .kukunin lang nung pulis 'yung numero ng telepono nung babae, pero hindi niya aarestuhin. At ganoon mismo ang kalakaran. . .Kaya di nakapagtataka na wala 'yun sa mga rekord. Kita n'yo? Dahil, ang mga kalalakihan ngayon ay katulad na katulad noong panahon ni Noe, yumuyuko sila sa dambana ng magagandang babae. Ganoon nga. Oh, naku!

66 Napakalala nung panahong 'yun, sumasamba habang sila, 'yung mga kababaihan, ay binabalandra ang kanilang mga sarili sa kaakit-akit na paraan. At kung mas lantaran nilang ginagawa 'yun noon, kaysa sa ginagawa nila sa panahon ngayon, mabuti na lang at di ako nabubuhay noon. Isipin n'yo na lang, kung papaanong sila. . .kung paanong nauwi ang mga kababaihan sa pagkilos nang gaya ng ikinikilos nila ngayon.

67 Pansinin n'yo, sinabi ng Biblia, "Sila'y kumakain at sila'y umiinom." Ngayon, may—may lehitimo. Oo naman.

"Ang pag-aasawa ay marangal." Ang lalaki, ang isang lalaki na mag-aasawa ng isang babae, marangal 'yan, itinatag 'yan ng Diyos. Pero sa puntong kukunin ng lalaki ang asawa ng ibang lalaki, o kukuha ng isang kabataang babae, o kung sinong babae kahit sino pa siya, at sisira ang lalaki sa panata niya sa kasal, at gagawa ng isang bagay na mali, 'yan nga'y kasalanan sa paningin ng Diyos. At mariin ang pahayag ng Biblia laban dito.

68 Ngayon pansinin, sinasabi Nito na ang pag-aasawa, itinatag 'yun ng Diyos sa Eden, pero ang pangangalunya ay mariin Niyang kinokondena. At ang mga kalalakihan at mga kababaihang ito, noong panahon na 'yun, iniwasan nila ang mga kautusan ng Diyos, at sariling kagustuhan ang sinunod at ginawa, mangyari pa. Ngayon, ihambing n'yo 'yan sa ngayon.

Tingnan n'yo. Kung gusto n'yong makita kung nasa bloke na ang tren, pagnilayan n'yo 'yan nang malalim ngayon, 'yang Mga Salitang 'yan na sinabi ng di-nagkakamaling si Jesus Cristo. Kita n'yo?

69 At pansinin n'yo, sinabi ng Biblia rito, "Sila'y kumakain at sila'y umiinom," siyempre, kasama ang magaganda nilang babae. Ngayon, maiisip natin na ayos lang 'yun. Ang pagkain at ang pag-inom, isa 'yan sa mga natural na batas ng buhay. Kailangan nating gawin 'yun. Pero kapag 'yan na lang ang laman ng isip n'yo, sa panahon ngayon ang mga tao'y naging mga matatakaw na, mga lasenggo, ang mga kababaihan ay nag-iinuman sa mga restawran. At kapag mapapadpad kayo sa isang lugar kung saan may—may mga haybol na alak at inuming cocktail na sinisilbi, mas malakas pang uminom ang mga babae kaysa sa mga lalaki.

70 Sinabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, sila ay kumakain, at umiinom, at nag-aasawa." Sa madaling salita, kinakasama nila ang mga kababaihan nang di ikinakasal sa kanila. At ngayon, naku, talagang ginawang normal na lang. May Reno rin sila noon, na puwede kayong makasal dun, at makipagdiborsyo at makasal uli, lahat sa loob ng iisang araw. Pero napag-iwanan na 'yan ng panahon ngayon. Ang—ang ginagawa nung mga asawang lalaki, kung matatawag pa silang ganoon, at mga asawang babae, haya't may kanya-kanya silang susi ng iba't ibang kuwarto sa malalaking lungsod na ito. Ngayon, lagi ako sa biyahe. Nakakapunta ako—ako sa mismong mga lungsod at kaya alam kong totoo ito, na 'yung asawang lalaki'y may sariling katipan, at 'yung asawang babae'y may sarili ring katipan. Oh, talagang malaking kalipunan ng—ng kabulukan, hanggang sa ang bunsod nito ay grupo ng—ng malalambot, tamad, walang kuwenta, at impyerno-ang-hantungan na henerasyon.

71 Ilang taon pa lang ang nakalilipas, tingnan n'yo kung ano nang kinahinatnan ng tao, sa pangangatawan niya. Tingnan n'yo ang kinahinatnan niya, gawa ng mga bagay na siya rin ang may gawa. Patuloy na sinusubukan ng siyensiya na gumawa ng mas maiinam na pagkain, hybrid na mais, at—at hybrid na mga kamatis, hybrid na karne ng baka, samantalang walang mabuting maidudulot ang mga ito. Pinapatay lang nun ang mga tao, at wala silang kamalay-malay. Aba, sa loob ng ilang taon pa, naku't wala nang matitira kundi sambunton—sambunton na lang ng mga mala-dikya.

72 Limampung taon ang nakalilipas, nilalaro nila ang mga palarong beysbol ng katulad ngayon, at wala kang mababalitaan na may nasasaktan, pero ngayon sandosena ang napapatay, o dalawa, sa isang taon. May bola na tatama sa tao, siya, wala nga siyang tibay para makapanatiling buhay. Para siyang guinea. Tamaan mo siya, sobrang lambot niya, patay agad.

73 Noong lumaban si Bob Fitzsimmons kay Corbett, sa palagay ko naglaban yata sila nang sandaan at dalawampu't limang round, isang hapon, nang walang gloves. Mangyari rin na 'yung mga lalaking 'yun ay may ganoong lakas ng suntok sa mga braso nila na kayang mangwarak ng dos-por-kuwatro, na apat na pulgada, at mambasag ng dos-por-kuwatro gamit lang ang kalyadong mga kamao. Natutulog sila na nakababad ang mga kamay nila sa suka, para patigasin ang mga kamao nila. At 'yung isang—isang round noon ay di tulad ngayon na dalawa o tatlong minuto lang. Wala silang kutson na nakabalot sa gloves nila, at walang namamatay. At nagbakbakan sila. Bawat round kailangan may knock-down. Kailangan ma-knockdown mo 'yung kalaban mo. At nagbakbakan sila nang sandaan at dalawampu't limang knock-down. Grabeng mga lalaki. At sa panahon ngayon kailangan na nilang ipatigil ang sining ng boksing, dahil maglagay man sila ng kutson sa braso at sa kamao nila, di nila kayang magbakbakan nang dalawa o tatlong round nang walang namamatay. Anong nangyayari? Ang tao'y sambunton na lang ng, aywan ko ba, malambot na basura, hybrid na walang kuwenta, hanggang sa ang buong henerasyon ay namamatay na.

74 Hindi ba sinabi na 'yan ng Biblia, na ang mga tao'y mas hihina at mas tatalino? Aba, sa susunod na salinlahi ng mga tao sa hinaharap, mabubuhay sila sa kapsula, iinom ng kapsula bilang hapunan na nila. Walang maaasaha't sambunton lang ng mga maninigarilyo, manginginom-ng-wiski, cocktail-ang-habol, na sambunton ng mga adik sa droga, mga tinuturok. Mga kabataang tinedyer sa paaralan, at delingkuwenteng kabataan; hindi nga kataka-taka, na naroon sa lansangan ang nanay niya, na ganoon ang ikinikilos, itinutulak ang anak sa parehong kinasasadlakan.

75 Dumadami ang magagandang babae; sirang-sira na ang buhay panlipunan. Oh, naku, napakatinding bagay sa panahon na kinabubuhayan natin! Kung papaanong naaatim nila ito, talagang di-. . .nalulusutan nila. Di nila 'yun matatakasan. Ano 'yang ginagawa nila? Gaya mismo ng ginawa nila noon, ginagawa nilang katatawanan ang Mga Utos ng Diyos. Sinabi ng Diyos, "Huwag kayong mangangalunya." Pero ipinapangalandakan pa nila na kaya nilang gawin, at kaya nilang lumusot. Akala nila'y makakalusot sila roon, pero hinding-hindi nila magagawa. Marahil kung di kayo mapapadpad sa ganoon, papakinggan n'yo ito. Huh? Gayunman, sinabi ng Diyos na ito na ang panahon na kikislap ang pulang ilaw. Sinabi na mismo ni Jesus.

76 Ngayon, grabeng—grabeng kasalanan 'yan na nagagawa nila, at tuwang-tuwa sa kasalanan! Maraming beses, na, 'yung mismong bagay na tinatawag nitong Biblia na imoral, ay kainaman ang tawag ng sanlibutan. Halimbawa't titipunin n'yo

ang mga kabataang babae natin—natin, at pagbibihisin n'yo sila ng iba sa suot nila, at palalabasin sila na ang suot ay maiikling shorts, pagsusuotin ng pantalon at kung anu-ano, at palalakarin sila sa kalsada, tapos iisipin nila na mainam 'yun na walang kaso ilantad man ng dalagita ang katawang babae niya. Gayong, sinasabi na mismo ng Biblia na kasalanan 'yun, kakila-kilabot! Pero kainaman ang tawag ng sanlibutan. Kita n'yo, binabaluktot nila ang Mga Utos ng Diyos . . . At walang sinasabi ang simbahan tungkol dito. Panahon na para may tumindig sa ngalan ng katuwiran, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at mariing sugpuin ito, dahil balang araw ay mananagot tayo dahil rito sa Araw ng Paghatol.

77 Ngayon, kung ang dating man nito'y parang napaglipasan na ng panahon at laos na, sa tingin ninuman, magbalik-tanaw kayo ng ilang taon at tingnan n'yo kung ano nang nangyayari ngayon, at pagkatapos isipin n'yo kung anong mangyayari sa hinaharap. Wala nang hinaharap kundi ang Pagparito ng Panginoon.

78 Pansinin, tingnan n'yo 'yung mga kababaihan bago 'yung pangmalawakang pagkawasak dahil sa baha na may hawig sa panahon ngayon; pansinin n'yo kung ano sila noon. Pansinin n'yo kung anong ginawa ng mga anak ng Diyos noon; pansinin n'yo kung anong ginagawa nila sa panahon ngayon.

79 Nakaupo ako sa isang kumbensyon kamakailan lang, at halos nagulat ako, noong ang lahat ng . . . Mistulang galak na galak ang lahat sa ipinapangusap doon ng isang ministro, na nakatayo sa entablado. At nakaupo ako sa isang sulok. At may—may dalaga na pumasok, at talagang di maayos ang pananamit niya. At naglalakad siya papasok ng simbahang 'yun, na gaya ng pagkakasabi ng Biblia, may kendeng ang paglakad. At bawat mangangaral sa entablado, pati na ang kongregasyon, napalingon ang lahat at napatingin, sinusundan ng tingin ang dalagitang ito. At naisip ko 'yung Kasulatan na 'yun, "Ang mga anak ng Diyos ay tumingin sa mga anak na babae ng tao," na mga makasalanan, na di-banal, maririkit na babae. Oh, marami nang simbahan ang nawasak nito. Iwinaglit nun ang Espiritu ng Diyos. Pansinin, "Tumingin sa mga anak na babae ng tao."

80 Ngayon tandaan, ang walang-pagkakamaling si Jesus Cristo'y nagsaysay na noon na magiging ganito ang mga bagay-bagay sa panahong ito. Haya't sinabi Niya, "Kapag nakita ninyong nangyayari ang mga bagay na ito, alam ninyo na ang panahon ay nasa pintuan na." Ngayon, mangilan-ngilan na lang ang may lakas ng loob na manaway ng ganoon. Maraming mangangaral ang di kayang manaway ng ganoon. Sa katunayan magagawa naman niya, kung gugustuhin niya. Pero kung gagawin niya, palalayasin siya ng kongregasyon. Yan mismo ang katotohanan.

81 Pero heto pa ang isang bagay. Kung tinawag ng Diyos ang

isang tao, mananatili siya sa Bibliang 'yun, di ko alintana ano man ang kailangan niyang gawin. Dapat n'yong tandaan na Ito ang Katotohanan. At ang Katotohanan ay alinman sa nagbibigkis o nagpapalaya. At ito mismo ang sinabi ni Jesus Cristo.

82 "Bumagsak ang mga anak na lalaki ng Diyos dahil sa magagandang anyo at mukha, ng mga anak na babae ng tao." At 'yan mismo ang mayroon tayo sa panahon ngayon, parehong bagay muli.

83 Ngayon, ihambing n'yo ang araw na 'yun. Pagdami ng mga tao; ang mga kababaihan ay mas naggagandahan; nagbabagsakan ang mga anak na lalaki ng Diyos; pag-aasawa at pinag-aasawa; mga kaso ng diborsyo; pamumuhay sa pangangalunya; at sari-sari pa.

84 "Aba," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, sandali lang. Hindi ko alam."

Pakinggan mo muna, kapatid, bago ka magsalita ng kung ano, pakinggan mo muna ito. Sinabi ni Jesus Cristo, na, "Ang sinumang tumingin sa isang babae na may pagnanasa sa kanya, ay nagkasala na kasama ang babae ng pangangalunya sa kanyang puso." At kapag makakakita kayo. . . Kapag may lalaki na lalabas mula sa kanyang opisina, lalabas ng simbahan, lalabas ng kanyang bahay, lalabas sa kalsada, anong makikita n'yo kundi lantaran, na kabi-kabilaan, na katawan at dugo ng mga babae, litaw-ang-hubog, magandang-mukha, mapanukso. Ganoon ang sinabi ng Diyos na mangyayari. Kapag nangyari 'yun, kung ganoon ang oras ay nasa pintuan na.

"Kung paano ang nangyari sa panahon ni Noe, nang makita ng mga anak na lalaki ng Diyos ang mga anak na babae ng tao, at nagsimulang kumuha ng kanya-kanyang babae." Kita n'yo? Hayan na nga.

85 Ngayon masdan n'yo. Makikita natin, ang parehong bagay sa panahong ito. Yung nakikita natin sa kasaysayan, na sila'y nagtataglay ng grabeng alindog, hanggang sa ang mga anak ng Diyos ay nagsipagtayo sa ganang sarili nila ng mga dambana ng babae. Ni Venus, at iba pa. Kita n'yo? Sila, nagsipagtayo sila ng mga dambana, at yumuko sa mga ito. Buweno, sinasabi n'yo, "Kapatid na Branham, wala na tayong ganoon sa panahon ngayon. Hindi mo puwedeng ikumpara 'yun sa panahon ngayon." Di ako makapaniwalang nasasabi n'yo 'yan. Sa palagay ko mas masahol pa nga ngayon kaysa noon.

86 Anong nakikita natin? TV. Hindi nga kayo makakadampot ng diyaryo na anupa't panay kababaihan ang makikita n'yo. Magagandang babae ang ibinibida sa bawat wiski, sa mga magasin, seksi, imoral ang pananamit. Sa TV, lahat mismo, tadtad ng kababaihan na seksi ang pananamit, laging may magandang babae. At makikita rin natin sa—sa mga patalastas

ng sigarilyo, saanman kayo tumingin, panay kaakit-akit na babae ang makikita n'yo. Hindi nga kayo makakakita ng patalastas para sa pares ng stockings na anupa't makakakita kayo ng balingkinitan, na hubog ng binti na isinusuot 'yun. At ganoon nga. Pero ano nga ba ito? Bakit ganoon?

87 Naalala ko ang isang lalaki na pinagtrabahuan ko noon, si Chris Meisner, dito sa kanto. Marami sa inyo ang nakakaalala kay Chris Meisner. Ang maybahay niya, si Lillian, ang pangalan niya ay Lily, sa tingin ko, parang Ellwanger. At noong siya . . . May dumating na lalaki. Isa siyang magandang babae. At nais nung lalaki na kumuha ng pahintulot mula sa tatay nito, para ilagay ang mukha niya, litrato niya, larawan niya, sa isang kahon ng kendi. At tumindig itong matandang Aleman na Lutheran, at sabi niya, "Insulto 'yan sa akin, na ilagay ang litrato ng anak kong babae sa isang kahon ng kendi, tapos ipapakalat sa buong bansa." Paano pa kaya ngayon? Kung saan, ang mga billboard, ang telebisyon, lahat ng nakikita n'yo, ay imoral, bulgar, seksi, di-banal na mga bagay. Ganoon nga. Ano 'yun? Ang tren, ang matandang—ang matandang tren ay nasa bloke na niya ngayon. Sinabi 'yan mismo ng Biblia, paparating na siya sa lalong madaling panahon. Naririnig na natin ang tunog.

88 Nakakapangusap tayo ng iba't ibang bagay ukol dito, pero, tandaan n'yo, isa uli itong ibang kislap, isa sa mga kislap na kumikislap sa harapan natin ngayon. Oh, nakikita natin ang kalagayan ng bansa; nakikita natin ang kaguluhan sa pulitika; nakikita natin ang situwasyon ng simbahan. Ipinangangaral natin ang lahat ng 'yun. Pero ito'y isang bagay na bago. Isang bagay ito na di gaanong popular na pag-usapan, pero kailangan, dahil dapat may tinig na sumisigaw nang malakas. Tandaan n'yo, ito mismong mga salitang ito na sinasabi ko ngayong gabi ay haharap sa akin doon sa Araw ng Paghatol. Kita n'yo?

89 Noong makita ko ang babaing ito di pa katagalan, sa isang pangitain na ipinakita sa akin ng Panginoon, nakita ko siyang namatay. Haya't, di ko lang maisip ang pangalan ng babaing 'yun, siyanga't, si Marilyn Monroe. At di ko pa siya nakikita. Hindi ako palanood ng pelikula. Pero nakita ko—ko—ko na 'yung babae, at siya'y kaakit-akit. At parang may sinusubukan siyang abutin na kung anong bagay; siya'y mamamatay, aatakehin sa puso. At sabi ng Panginoon, "Ngayon sabihin mo, 'Alas-kuwatro siya namatay. Hindi siya nagpakamatay.'" Sabi, "Pero maaari mong sabihin na namatay siya ng alas-kuwatro, kasi ilang segundo na lang nun bago mag-alas kuwatro." At doon ay nakita ko kung saan nila siya natagpuan. At sinabi ko kay Billy, sinabi ko sa pamilya, sa mga kasama ko, ang tungkol dun. At ilang araw pagkalipas, si Marilyn Monroe nga ang namatay.

90 Ngayon, noong nasa Canada ako noong isang araw, kinukulit ako ng mga anak ko, tungkol dun sa naturang lugar kung saan pinayagan kaming tumuloy ng isang ginang sa bahay niya, na

may telebisyon. At sabi nila, “May ipapalabas na dula, na may pamagat na, The River Of No Return.” Yun ’yung ilog kung saan ako namimingwit, lagi. At si Don Smith, na kaibigan ko, pumapasyal siya dun. Sabi, “Gumawa sila ng pelikula tungkol dun.” At sabi, “Daddy, baka kasama si G. Smith sa programa. Gusto mo bang makita?”

“Buweno,” sabi ko, “pagbalik ko mula Canada, kung makarating ako sa oras, sige’t titingnan ko.” Buweno, noong ipalabas ’yung dula, sumadya ako para panoorin, pumunta ako para panoorin. At noong mapanood ko, sinong gumaganap dun kundi si Marilyn Monroe. Ngayon, naroon siya, isang taon o higit pa na siya’y patay na, naroon siya’t seksi ang pananamit. Nandun ’yung boses niya, maririnig pa rin; at patuloy na maririnig, sa loob ng maraming-maraming taon, sa magnetikong teyp. Yamang laman nung magnetikong teyp na ’yun ang kanyang kilos, na kung masisilayan niya ’yun mula sa kung nasaan siya ngayong gabi. . . Umaasa akong ligtas siya, pero di ko alam; nasa Diyos na ’yun. Pero kung masisilayan niya ’yun, hindi niya ’yun maitatanggi. Hindi niya ’yun maitatanggi, dahil may rekord tayo nun. Gaano pa kaya sa Diyos na may rekord nung bawat kilos, bawat galaw, sa Kanyang supremong teyp, na magsisilbing. . . Hindi natin ’yun matatakasan. Nakarekord mismo.

91 At alalahanin n’yo, kung may mikroponong nakalagay rito kung saan *ito* nakalagay, at nagsasahimpapawid ako ngayon sa mundo, maririnig ng mga tao sa buong mundo ang tinig ko bago pa man ito makarating sa inyo mula sa pulpitong ito. Yan nga’y dadaan sa elektronika ng—ng mundo.

92 At alam n’yo, hindi kailanman paparam ang tinig na ’yan. Di kailanman paparam. May pahayag ang siyensiya, “Na sa loob ng dalawampung taon,” kung magpapatuloy ang pag-unlad nila gaya ng pagtahak nila ngayon, “Ay masasagap nila ang literal na tinig ni Jesus Cristo noong Siya’y nasa lupa, dalawampung taon mula ngayon.” Dahil, parang paghuhulog ’yun ng maliit na bato sa munting tubigan, marahil mawawala sa paningin mo kalaunan ’yung maliliit na alon, pero sinasabi ng siyensiya na napupunta lang ang mga ’yun sa isang pampang, tatawid sa karagatan papunta sa isa pa, tapos pabalik-balik lang, at di talaga pumaparam. At ganoon din ’yun sa mga salita na binibitiwan n’yo; ihaharap sa inyo ’yun sa Araw ng Paghatol, at hahatulan kayo nun o ililigtas kayo nun, at hindi n’yo ’yun kailanman matatakasan ano’t anuman.

93 At kung may kamalayan tayo, alam n’yong tagus-tagusan sa loob mismo ng silid na ito ngayon, ang mga larawan ng mga tao. Kung di kayo naniniwala, magbukas kayo ng telebisyon. Haya’t may mga boses ng mga tao, pero di lang nasasagap ng mga pandama natin.

94 Ngayon, may istasyon sila na taga-transmit at may magnetikong antena, o salaming tubo, o kristal na sumasagap ng mga boses at kinokopya ang mga 'yun para paramihin. At sa katunayan ang Biblia, ay ganito rin, pero Salita 'yun ni Jesus Cristo na Kanyang binigkas, at literal na ang Mga Ito'y buhay na buhay gaya ng anumang ibang salita sa mundo ngayong gabi.

95 Ngayon, kung ang puso n'yo ay nilinis na ng Dugo ni Jesus Cristo, at naging taga-receive na set na tatanggap mula sa tagapag-transmit na Set, Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at ginagawa ang parehong mga bagay na ginawa Niya noon, dahil ang Mga Salita Niya'y di maaaring mamatay. Ang Mga Ito'y nabubuhay magpakailanman. Di kailangan ng Mga Ito ng set, o maghintay ng dalawampung taon pa mula ngayon. Natatanggap na natin Ito ngayon mismo. Ngayon, hayan nga.

96 Nabubuhay tayo sa dakilang panahon na ito na ginagalawan natin, malapit na ang pagparito ng Anak ng tao, at nagkikislapan na ang mga ilaw sa lahat ng dako, ukol sa Kanyang Pagparito. Nakikita natin ito sa pulitika; nakikita natin ito sa simbahan; nakikita natin ito sa panahon; nakikita natin ito saan man tayo tumingin. Nakikita natin ang araw na di na ito tulad ng dati.

Wala na sa balanse ang mundo. Sinasabi nila sa akin na ngayon mismo, sa Hilagang Polo, sa itaas, na ang dagat ay mas mataas na, nakalimutan ko lang kung gaano, pero mas mataas na kaysa dati. Sa Bering Strait, puwede kayong makapaglakad-lakad noon. Ngayon, makailang, ilang, ilang talampakan na ang lalim, sa Bering Strait. Bakit? May pagbukol na sa gitna ang mundo. Nagiging mababaw rito kung saan malalim dati, at lumalalim naman dito kung saan mababaw dati. Ang mundo'y ganap nang wala sa balanse. Iba na ang gewang. Umaampang-ampang. Bumibigay na ang buong kalikasan, at lahat ng nakikita natin.

97 At ngayon, ngayong gabi, nalaman natin na pinalilitaw mismo ng kalikasan, sa sangkatauhan, ang tanda ng Kanyang Pagparito; dahil, ang mga anak ng Diyos, at ang mga anak ng tao ay nagiging mas maganda, at hayan sila na kumukuha-kuha ng kani-kanilang babae. Grabeng panahon itong ginagalawan natin! Oh, naku, at ganoon na ganoon noong panahon na 'yun!

98 Pagkatapos nakikita natin sa kasaysayan itong sobrang nakakagulat na bagay, na ang mga kalalakihan ay sumasamba sa kababaihan, at kitang-kita natin na ang kasalukuyang panahon ay mundo na ng babae.

99 Nasa Switzerland ako, di katagalan, at kausap ko. . . Ngayon, wala akong anumang laban sa mga Cristianong kababaihan natin, wala, po, sila'y maituturing na hiyas. Ang tinutukoy ko rito'y ang takbo't kalakaran ng sanlibutan. May

isang binibini na nakasama ko sa biyahe, si Kapatid na Guggenbuhl, at ang kasintahan niyang babae. Ang kapatid po'y halos ka-edad ko, di pa kailanman nag-aasawa, isang matandang binata, at may kasintahan siya na isang dalaga. At pagkatapos isa sa mga babae roon, haya't ang sabi, "Kapatid na Branham, magkuwento po kayo sa amin ng tungkol sa Amerika. Ang pagkakaalam po namin, ang mga babae roon, mundo po ng babae ang dakong 'yun, kung di kami nagkakamali."

Sabi ko, "Tama."

Sabi, "Noon pa man ay gusto ko nang pumunta."

Pagkatapos sinimulan kong ipaliwanag sa kanya. Sabi niya, "Ano?" Sabi ko, "Oo." Agad na nagbago ang opinyon niya.

"Buweno," sabi niya, "papaano kayo makakapamuhay ng Cristianong pamumuhay sa ganoong klaseng lugar, kung ganoon?" Mantakin n'yo 'yun.

100 Noong magpunta ako sa—sa Roma, at nakabisita sa Sant'Angelo, sa ilalim na mga libingan, talagang nakakagulat po. Paglabas ko ng hotel ko't nagpunta roon sa lugar na tinatawag na, "Three Coins in a Fountain," ang mga babae sa lansangan, grabeng kaimoral. Lalapitan kayo ng mga babae at aalukin kayo na ilabas sila para magliwaliw, iba't ibang, itsura, at lahat ng sari-sari. At nakalimutan ko lang kung ilan ang lumapit noon kay Billy at sa akin at kay Kapatid na Baxter, bago pa man kami makalapit dun sa tubig, at sa lalaking taga-TWA na naglilibot sa amin. Sabi ko, "Kailangan bang mabuhay nang ganoon ang mga babaeng 'yun?"

101 Sabi, "Hindi. Noong narito pa kasi 'yung mga sundalo, nasanay na sila sa ganoon. At, kahit, may magaganda naman silang trabaho, hayan sila na patuloy pa rin."

Pero kahit sa ganoong klaseng lugar na, noong marating ko 'yung Sant'Angelo, aba'y may napakalaking karatula roon, na inilabas ng Vatican, na nagsasabing, "Isang paalala sa mga Amerikana! Mangyaring magsuot ng disenteng damit bago kayo pumasok at magbigay galang sa mga yumao."

102 Nakakita ako noon ng isang Amerikana na lumapag ng Paris, kung saan, sa katunayan, doon sa Paris nanggagaling dati ang mga moda natin. Pero 'yung babaing 'yun ay napakaimoral ng kanyang pananamit, kasama pa niya ang tatay niya't nanay niya, tuloy 'yung mga sundalong nagtratrabaho roon sa labas ay binitiwan nila ang mga piko't mga pala nila, at tumakbo't nagkumpulan doon at patanaw-tanaw, para sundan ng tingin itong Amerikana na dumadaan.

103 Tayo na ang nagpapauso ng moda. Dati'y ang Paris, pero ngayon sila na ang nagpupunta rito para halawin ang mahalay, na mababang uri ng karumihan. At ang bansang ito, kung saan kalilipas lamang ng isang rebaybal, ukol sa bautismo ng

Espiritu Santo, na ang kaibig-ibig na Panginoong Jesus ay nagpamalas ng Kanyang mga tanda't mga kababalaghan ng awa, at ipinapangusap na gaya sa panahon ni Noe, haya't ang mga ilaw ay nagkikislapan na nang kabi-kabilaan. Isang Diyos na makapagpapabangon ng patay mula sa kinararatayan nito; isang Diyos na makapagpapagaling ng maysakit; isang Diyos na makapagsasaysay ng mga bagay bago pa man mangyari, at isasakatuparan ito nang ganap na ganap hanggang sa pinaka tuldok, sa tuwina, nang di kailanman pumapalya. At mangaral man kayo nang mangaral sa kababaihan ng Amerika, haya't lalo pa silang lumalala nang lumalala taon-taon. Sa Bombay, o ang ibig kong sabihin. . .

104 Sa Durban, Timog Aprika, kung saan may tinatayang dalawang-daang libong katutubo ang nagtipon para sa pagtitipon, noong ipamalas ang dakilang himala na 'yun ng Diyos. At nakita ko ang tatlumpung libong blangketang katutubo. Nakatayo roon ang mga kababaihan na ang suot lang ay apat-na-pulgadang kapal na kuwintas na nakalaylay bilang takip sa kanilang harapan. At 'yung mga kalalakihan, walang suot na damit, may apat-na-pulgadang panakip lang. Hubad! May blangketa sila na suot nila 'yun pantulog, gawa sa balat ng kambing; ibinibigay 'yun, sa kanila, kapag naabot nila ang isang partikular na edad; at pagkatapos suot nila 'yun sa pangaraw-araw na pamumuhay, suot pantulog, binabalot nila ang sarili roon, at suot hanggang sa pagkamatay at pagkalibing, sa isang dako sa kung saan.

105 At nakita ko ang mga babaing 'yun, primitibong-primitibo, may isang babae pa nga na nanganak ng isang sanggol, na nakaupo lang nang dalawampung talampakan mula sa akin. Hindi siya isinugod sa ospital. Yung mga tao, may babae lang na umalalay sa kanya roon pansumandali, at sa loob lang ng limang minuto ay tapos na. Binuhat niya 'yung sanggol at kinarga sa may dibdib niya, para pasusuhin. Primitibong-primitibo! Pero noong makita nila ang kapangyarihan ng Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat na bumaba sa isang batang lalaki na malubha ang sakit, at wala sa tama nitong pag-iisip; at bumangon ang batang ito na nasa tamang katinuan na, nagbibigay ng papuri sa Diyos; tatlumpung libong blangketang katutubo ang tumanggap kay Jesus Cristo bilang kanilang personal na Tagapagligtas. Anong nangyari? Alalahanin n'yo, sampung beses 'yan na mas marami kaysa sa Pentecostal. Tatlumpung libo! At walang. . .

Pinagmasdan ko ang mga babaing 'yun nang sarili kong mga mata, noong sila'y magpatirapa sa lupa, binasag nila ang mga diyus-diyosan nila, ibinigay ang kanilang buhay kay Jesus Cristo. Wala silang alam; marahil di pa nila naririnig ang Kanyang Pangalan, marami sa kanila. Pero napaluhod sila sa kanilang—kanilang mga tuhod, at tinanong ko sila, kung

sila ba'y tapat ukol dito, kung taos-puso ba sila, na wasakin ang kanilang mga diyus-diyosan. At binasag nga nila ang mga diyus-diyosan nila. At noong lumuhod sila't ibinigay ang buhay nila kay Cristo, habang ipinapanalangin ko sila, haya't muli silang tumayo. At 'yung mga kababaihan na nagsitayo na ang mga braso nila'y nasa gilid lang nila, na walang kamalay-malay na hubad sila; pagkadampi na pagkadampi ng Buhay ni Cristo sa kanilang buhay, nakita ko ang mga kababaihang 'yun hinalukipkip nila ang mga braso nila't lumakad paalis mula sa presensya ng mga kalalakihan. At kung kayang gawin 'yun ng dampi ni Jesus Cristo sa isang blangketang katutubo, ano pa kaya ang ibubunsod nun sa isang bansang nakakapakinig ng Ebanghelyo sa loob ng daan-daang taon? Hayan tayo ngayon. . . Nakita ko mismo. Hindi 'yun kuwento-kuwento lang ng iba. Ako mismo ang nakakita. Kita n'yo? Nakapagtataka lang na tinatawag natin ang mga sarili natin na mga Cristiano, at bawat taon ay paunti nang paunti ang suot. At mistula ngang walang pakialam ang mga simbahan tungkol dito.

106 Naku't ang mga programa sa TV, oh, nilalantad ang laman at dugo ng kababaihan. . .Hindi sila mga diyos. Hindi sila mga diyosa. Pero inilalagay nun ang Amerika sa eksaktong ayos para matupad ang Kasulatan. Ang Amerika ay bilang na labing-tatlo. Ang santuwaryo ng Amerika ay isang babae, noon pa man. Nasa pera natin ito. Nasa lahat ng bagay. At ngayon tiyak na darating ang isang panahon na magkakaroon tayo ng Amerikanang diyosa, din naman, malapit na malapit na. Makikita n'yo na ang sulat-kamay sa pader.

107 Oh, ano nang gagawin natin? Di nga kayo makakalabas ng kalye at makakatagpo ng. . .Obserbahan n'yo sa kalye, magsimula kayo sa sentro ng bayan at pansinin n'yo lang ang mga kababaihan, kung papaanong halos wala nang suot ang mga kababaihan na, sa totoo lang, ang isang babae'y mahihiya na nakasuot lang siya nang ganoon sa mismong silid-damitan niya. Lalabas pa sa kalye, na naka-hapit na hapit, at—at kakapiraso ang suot na damit. At—at diyan sa mga tabing-dagat na paliguan ay nakasuot ng kakapirasong bikini, o kung ano man ang tawag nila rito, na suot, mga ganoong suot. At walang kamalay-malay na sa loob nila ay may masamang espiritu. Hayan din, na marami sa kanila ang kumakanta pa sa mga koro. Ganyan ang sinabi ni Jesus na mangyayari.

108 Katawan ng babae! Sila'y laman at dugo. Hindi sila mga diyos. Sa palagay ko. . .patawarin ako ng Diyos kung mali ako. Isa itong lantarang paghuhubad. Halos di n'yo masisi ang kalalakihan, kung hindi siya isang—isang Cristiano, kung siya'y mahulog, at mahulog sa mga tukso at nasa ganoon siyang lugar na makakagawa talaga siya ng bagay na mali, hanggang siya, kita n'yo, ay di makapagpigil. Nakakapagtaka na di mas maraming panggagahasa ang nagaganap, samantalang,

napakarami sa mga ito, kasangkot mismo ang babae. Pero, kung di nga ganoon, paano n'yo maibubunton ang lahat ng sisi sa lalaki? Ibunton n'yo ang sisi kung saan dapat ito ibunton.

109 Sasabihin ng isang babae, "Ngayon, Kapatid na Branham, kasing moral ko ang . . . " Walang duda tungkol diyan.

Pero, kapatid kong babae, alam mo ba na mananagot ka sa Araw ng Paghatol dahil sa salang pangangalunya kapag inilalantad mo ang sarili mo roon sa labas tapos pagtitinginan ka ng mga lalaki? Sinabi Niya, "Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa, ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang puso kasama ang babae, at kailangang managot para roon." At marahil di mo ginawa ang akto, pero kung pinapayagan mo si Satanas na ilagay ang espiritung 'yun sa iyo, gayong, mismong kalikasan na ang nagtuturo sa inyo na mali 'yun! Wala man ang Espiritu ng Diyos, dapat itinuturo na 'yun ng kalikasan, itinuturo na sa inyo na mali 'yun.

110 Hula ko na sa lalong madaling panahon ay makakaisip sila ng tulad nun, na dahon na lang ng igos muli. Hinula ko na 'yan tatlumpung taon na ang nakalilipas. Kita n'yo, isang insulto sa Biblia. Kita n'yo? Gagawin at gagawin nila. Lantarang paghuhubad na talaga sa publiko.

111 Ngayon, ganoon na ganoon ang ginagawa ng diyablo sa mga anak na lalaki ng Diyos sa panahon ngayon. At ganoon nga. Masdan n'yo ang mga negosyo sa paligid natin. Karamihan sa mga negosyo ay kontrolado na ng kababaihan, marami sa mga 'yun. Siyanga. Tingnan n'yo ang mga mga kaiglesyahan natin, tingnan n'yo ang bansa natin, kung papaanong yukong-yuko ang mga anak na lalaki ng Diyos sa ganitong mga dambana, ukol sa mga kababaihang ito. Samantalang, sila, para sa akin, wala silang pinagkaiba sa mga lantarang patotot. Mabigat na bagay 'yun para sabihin, pero ito mismo ang hubad na katotohanan. Alam ko na may mga taong makakarinig ng mga teyp na ito at iba pa, na may masasabi sila na kung anu-ano. Pero paano't nagagawa n'yo? Kung inilalantad n'yo kasi ang sarili n'yo nang ganyan, at titingnan kayo ng lalaki, hayan mismo na sinabi ni Jesus na kayo'y "nagkasala na ng pangangalunya" kasama nung lalaki. At kapag mananagot ang lalaking 'yun dahil sa pangangalunya, sinong may gawa, sinong may sala? Ang babae na naghuhubad ng sarili niya nang tulad nun at inilalantad ang sarili niya, o inihaharap ang sarili niya sa harap ng makasalanang 'yun. Ganoon nga. Anong tanda ito? Ng wakas ng panahon, ang pulang ilaw.

112 Sira na ang pagiging ina. Nagkakasira na ang mga bansa. Ngayon kung gusto n'yong makita kung saan 'yun sinabi ni Jesus, basahin n'yo ang Mateo 5:28. Nandun 'yun. Ang buhay ng babae ang naging dahilan at anyo ng pagkabagsak, dahil, ang seksuwal na kapangyarihan ang naging pagkasira. Kung gusto n'yong

taluntunin pabalik, heto ang ilang mga bansa na tinalunton ko ang pagbagsak nila. Isa ang Egipto, Asiria, Roma, at iba pa, na bumagsak dahil sa kapangyarihan ng babae.

113 Pansinin, walang maibibigay ang Diyos sa isang lalaki, bukod sa kaligtasan, na mas mainam kaysa sa isang mabuting asawang babae. Walang makakakonsuwelo, walang—walang makakakonsuwelo sa isang lalaki kapag sila'y pagod, hindi nila ibibigay ang tiwala nila sa kaninuman na katulad ng pagtitiwala nila sa sarili nilang asawang babae. At napakapalad n'yo na mga kapatid na lalaki kapag may mabuting munting asawa kayo na malinis at matuwid, at moral, at mauuwian n'yo kapag kayo'y pagod at nanghihina, at mauupo at makikipag-usap siya sa inyo. Mas marami siyang magagawa para sa inyo kaysa sinuman. Ganoon nga. Isa siyang hiyas. Isa siyang reyna.

114 Pero tandaan n'yo, "Ang babae'y ginawa para sa lalaki; hindi ang lalaki para sa babae." Ang huling nilalang na nilikha ng Diyos ay isang tao. Ang babae ay pangalawahing-bunga mula sa lalaki. "At ginawa siya para sa lalaki; hindi ang lalaki ang ginawa para sa babae." Binabaliktad na nila ito ngayon, at yumuyuko na ang lalaki sa dambana ng mga babae. Yan ang mismong nagpasimula nito sa pasimula. Yan ang nangyari sa pasimula. Nang ang anak ng Diyos, na si Adan, ay di matukso para gawin ang mali, pumasok si Satanas sa isang persona na tinatawag na serpiyente, na mukhang tao. At doon na nagsimula, na nalihis si Eba mula sa Salita ng Diyos, at 'yun ang naging dahilan ng bawat bagbag na puso, bawat libingan. Bawat kasalanan na nagawa kailanman, ay nagsimula roon.

115 Narito na naman ito. Ano? Ang babae ang naging sanhi ng unang pagkahulog, at ang babae rin ang magtatapos ng panahon. Sinimulan niya ito; tatapusin niya ito. Di nakapagtatakang sinabi ng Biblia, "Yaong mga makakatakas mula sa Zion ay magiging maluwalhati sa paningin ng Panginoon."

116 Sa Isaiah 5, sinaysay niya ang magiging estado ng pagka-imoral ng kababaihan sa mga huling araw, at kung anong kahihinatnan nila: sari-saring damit ang isusuot nila, at ganito't ganoon ang magiging ayos ng buhok nila, at lahat na ng tulad nun. Sinasabi ng Biblia, sa Isaias 5. "Lalakad siya na nakasuot ng matataas na takong na sapatos, lumalagitik ang kanyang mga paa habang naglalakad. At ilililis pababa ang stockings niya, at sari-sari ang kanyang gagawin; at maraming pamalit na damit, bihis, at mga bagay na gaya nun." At sabi, "Babawiin ang lahat ng 'yun mula sa kanya, at mauupo siya't sasangsang sa kabulukan, dahil sa pagka-imoral." At sabi, pa, "Pitong babae ang magsisihawak sa isang lalaki, at sabi, 'Gagawin namin ang sarili naming gawain. Hayaan mo lang kaming dalhin ang pangalan mo, para maalis ang aming kadustahan.'"

117 Pero sabi niya, “Napakamaluwalhati ng maliit na sanga na makakatakas sa lahat ng mga bagay na ito! Ito’y magiging ‘KABANALAN SA PANGINOON’ sa araw na ’yun,” kapag alam ng totoo’t tunay na mga babaing ipinanganak na muli ang kanilang puwesto, kahit na pagtawanan sila, at tawaging hangal at makaluma, lahat na. Pero, kikilos na gaya ng isang babae, gaya ng isang binibini! Tatayo na gaya ng isang babae! Mananamit na gaya ng isang babae! Magsasalita na gaya ng isang babae! Mamumuhay na gaya ng isang binibini. Oo. Amen, na ang ibig sabihin, “siya nawa.” Huwag kayong matakot. Di kayo maaano nito. Buweno.

118 Sinabi mismo ng Sariling Salita ni Jesus kung ano ang mangyayari, ’yung malaking pagpapamalas na ’yun.

119 Sinabi rin Niya, “Sa mga araw ni Lot.” Kung gusto n’yong markahan ang Kasulatang ’yun, haya’t sa—sa Lucas 17:28 po. Sinabi Niya, “Sila’y kumakain, umiinom. Bumibili sila. Nagbebenta sila.” Karaniwan, mga lehitimong bagay ito. Pero masdan. At—at sila’y abala, pero inilagay nila ang buong . . . ang isip nila rito.

120 At noong panahon ni Lot, lugmok ang estado ng mga kababaihan, sa kanilang moralidad, hanggang sa mawalan ng papel ang mga kababaihan sa nararapat nilang papel, na anupa’t nabaluktot sila, hanggang sa . . . Naging sobrang palasak, na ang mga kababaiha’y naging sobrang ordinaryo, sila—sila, ’yung mga kalalakihan ay kalalakihan na rin ang kinakasama. Pagbabaluktot ng kalikasan na ’yung mga selyulang ukol sa seks ay nawala na sa dapat nitong posisyon, dahil bumaba na ang halaga ng kababaihan.

121 Ilang araw ang nakalipas haya’t naroon ako, sa Tucson, lumabas ako para bumili ng tinapay. At may kabataang lalaki na nakaupo roon, at dalawang munting kabataang lalaki sa kotse. May isa pa na dumating, may dalang pakete ng sigarilyo. Yung matandang ginoo na ubanin, tumingin siya, sabi, “Para kanino ang mga sigarilyo, sa nanay n’yo ba?”

Sabi, “Hindi, para sa kabataang ’yun.”

Sabi nung matanda, “Sapat na ba ang edad niya’t puwede na ’yan sa kanya?”

Sabi, “Oo, naman.”

Bumaling siya pabalik pagkatingin. At nakatayo ako na may hawak na tinapay at sangkapat na gatas, nakaantabay. At pumayag na ’yung lalaki, sabi, “Sige,” at ibinigay sa kabataan.

Napatingin ’yung lalaki sa akin, at sabi, “Duda ako.”

122 Sabi ko, “Napakabata niya para gawin ’yun. Napaka . . . Kahit anong edad pa niya’y napakabata pa rin niya.”

Sabi nung lalaki, “Sang-ayon ako sa iyo.” Sabi, “Ikaw ba—nahihirapan ka bang huminto?”

123 Sabi ko, "Hindi ako kailanman nagsimula." Sabi ko, "Hindi ako kailanman sumubok." Sabi ko, "Ang mga magulang ko'y naninigarilyo at gumagamit ng tabako, pero inilayo ako riyan ng Panginoong Diyos."

124 Lumingon siya't napatingin sa akin na para bang nagtataka, at sabi niya, "Buweno, sa tingin ko'y umaalingasaw na sa kahihiyan itong panahon ngayon, na makita kung paanong . . . " Sabi, "Dati, inilalagay natin ang kababaihan sa pedestal." Sabi, "Ginagalang natin sila. Nag-aalis tayo ng sumbrero sa harap ng kababaihan. Maglalakad tayo sa kalsada, at kapag may narinig ang isang ginoo na may magsalita ng masama tungkol sa isang babae, tatampalin niya 'yung nagsalita." Kita n'yo? At sabi, "Ginagalang nila noon ang mga kababaihan." Pero sabi niya, "Ginoo, 'yung mga kababaihan din ang nagdala nun sa sarili nila." Sabi, "Ngayon di na tumatayo ang mga kalalakihan. Dati tumatayo pa sila; sa loob ng pampublikong sasakyan, kapag may binibining nakatayo, nag-aalis ng sumbrero ang bawat lalaki at pinapaupo ang babae." Sabi, "Ngayon tulakan na, siksikan!" Sabi, "Sila ang may gawa nun sa sarili nila." At 'yan ang katotohanan.

Yung lungga ng diyablo na Hollywood sa ibayo roon ang nagpalabas nun sa mga telebisyon at magasin, hanggang sa naging isa nang malaking palayok ng karumihan ang lahat-lahat. Ganoon na nga.

125 Alam kong di 'yun popular na sabihin, pero totoo ito. Ito ang Katotohanan. Ito ang Salita ng Panginoon, at isa ring babalang tanda na darating si Cristo sa henerasyong ito. Sabi, "Ang mga makakakita na maganap ito, ay hindi lilipas hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito." Sabi, "Kapwa ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi kailanman lilipas." Isa itong babala. Kumikislap na ang pulang ilaw; sa pagbaba ng tabing. Nasa huling panahon na tayo.

126 Nakikita na natin ang mga tanda ng Panginoong Jesus na nagpapagaling ng may sakit, bumubuhay ng patay, nagpapalayas ng masasamang espiritu. Nakikita na natin ang—ang mga tao na pinagiging banal at pinahiran, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nakikita na natin ang mga buhay na nababago. Nakikita na natin ang dakilang mga tanda. Nakakakita tayo ng mistikong mga tanda sa himpapawid, gaya ng mga flying saucer. Ang Pentagon, marami ang nagpapalabas nito sa telebisyon, sumusulat tungkol dito. Hindi nila ito maarok. Lahat na ng klase ng misteryosong mga tanda! Ang Panginoong Jesus na bumababa sa anyo ng isang Haliging Apoy, nagpakuha ng Kanyang litrato, buhay sa kalagitnaan natin, pinatutunayan na Siya'y siya ring kaha- . . .

127 Nakikita natin ang lahat ng mga bagay na ito na nangyayari. Nakikita natin ang kalamigan ng iglesya. Nakikita natin ang

paglago ng denominasyon. "Kapag nakita ninyo ang puno ng igos, at ang lahat ng ibang mga puno ay nagsisimulang magkausbong," bumabalik na ang mga Judio. "Ang puno ng igos," ang mga Judio ay bumabalik na sa kanilang bansa, sa sarili nilang lupain. Nakikita na natin ang mga Presbyterian, ang mga Methodist, ang mga Baptist, ang mga Lutheran, ang mga Pentecostal, lahat ng iglesya, "nag-uusbong na ng kanilang mga dahon," *rebaybal*. Kanyang sinabi, "Maghanda na! Yun na ang oras." Kapag nakikita na natin na nagaganap 'yun, 'yun na 'yung panahon na naghahanda ang Diyos na tawagin ang Kanyang Hinirang. Kaya naman kapag inyong . . .

Isa pang tanda. Sabi, "Kapag nakikita ninyo na ang mga babae ay nagiging labis na magaganda, kapag nakikita ninyo na kinukuha sila ng mga anak na lalaki ng Diyos para gawing kani-kanilang asawa, at kanya-kanya nang kuha ng asawa, at ginagawa *ito*, *'yun*, o ang *iba pa*," sabi, "talastasin ninyong 'yan na ang tanda." Narito na tayo.

128 Ngayon, may isa pa akong naisulat. Tanda n'yo ang dalawang anak na babae ni Lot. Oo, tanda natin, doon sa lungsod ng Sodoma. Sinabi rito ni Jesus, sa Lucas 17, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma." Alalahanin n'yo, namali ng turing ang mga kalalakihan sa mga kababaihan hanggang sa ang likas na akto ng buhay ay di na ninanais. At, oh, ang samang sabihin nito mula sa pulpito, pero ito'y . . . Yamang may Katotohanan, marapat lamang na magmula 'yun dito. At napakalala na talaga, ngayon, hanggang sa umabot na sila ng makasampung libo, dumarami nang dumarami sa kung saan-saan, mga kabaluktutan, mga Sodomita, gaya ng panahon na 'yun noon. Dahil 'yung likas na gamit ng buhay ng tao para magparami sa lupa ay namali ng trato, at kaya nagtuluy-tuloy sa ganoong gawi, hanggang sa ang pagnanais ukol dito'y mabilis na nawawaglit. Sasabihin ko, sa loob ng sampu o labinlimang taon pa ay mawawala na ito, halos, sa bilis ng pagiging talamak nito ngayon.

129 Grabeng mga pahayag. May sinipi ako kay Edgar Hoover tungkol diyan, pero aywan ko lang . . . Akala ko nailapag ko 'yun dito, pero wala pala, tungkol dun sa sinabi niya ukol dito. At ngayon nakikita na natin ang mga bagay na ito. Oh, naku!

130 Si Jude, sa munti niyang, dakilang Aklat, gaya ng tawag ko rito, sa ika-7 talata, sige't basahin lang natin ito. Gusto kong basahin ito. Jude, sa ika-7. Ito 'yung huling Aklat bago ang Aklat ng Apocalipsis. Minarkahan ko ito rito, Jude 7, talata 7. Lalaki't babae na pumapasok sa panata ng kasal, sumisira dun, dahil ibang laman ang hanap! Pakinggan.

> . . . at *gayon din ang Sodoma at Gomorra, at ang mga bayang nasa palibot ng mga ito,* bumigay *sa pagpapakabuyo sa pakikiapid, . . . sa pagsunod sa ibang*

*laman,*. . .(Kita n'yo? Oh.) pakikiapid, *sa pagsunod sa ibang laman, ay inilagay* na mga halimbawa, na *sila'y nagbabata*, at *parusa,* at *walang hanggang apoy.* (Yun nga'y, tuluyang matupok at mawala.)

131 Dito may katagalan na, sa Los Angeles, naghihintay ako noon, o nasa paligid ng campground. Nagmamaneho ako sa lansangan. At may isang—isang munting binibini, isang magandang munting babae, napakaganda, nasa daan. At naisip ko, "Papunta siguro siya sa isang palabas." At naka-munting pronterang bihis siya, mga—mga anim o walong pulgada ang lapad sa harap niya, at may manipis na tatlo- o apat-na-pulgadang palawit na nakalaylay. At sa itaas na bahagi ng katawan niya, may maliit na palamuti, halos sapat lang ang laki na puwede mong lamukutin at ipagkasya ang buong 'yun sa loob ng kamao mo, nakasabit nang paganito sa kanya. May suot na sumbrerong cowboy, at pares ng bota na may mga palawit. At napakakaakit-akit, nakikinita ko ang sinumang kabataang lalaki mapapapreno't lahat na, para lang hintuan siya, pakendeng-kendeng sa daan.

132 At papunta na sana ako sa campground, at nasa direksyon na ako nung campground. Haya't umikot ako, para bumalik. Naisip ko na huminto, sabihin, "Binibini, gusto kitang kausapin sa Pangalan ng Panginoon nating Jesus Cristo. Sa kabila ng pagiging marikit mong dalagita, walang duda diyan, sa kabila ng katawan mo na. . .Baka pa nga, gusto mong—gusto mong marinig ang mga preno na naglalangitngitan. Alam mo ba na 'yang espiritu na 'yan na nagbubunsod sa'yo para gawin 'yan ay dadalhin ka sa isang impyerno ng diyablo kung saan magdurusa ka sa mga kapanahunang darating? Alam mo ba na 'yang maganda't, balingkinitan, na may hubog na katawan na 'yan, at 'yang maayos mong pisngi at buhok, at iba pa, at mapupulang labi: marahil sa—sa loob ng susunod na anim na buwan ay gagapangan na ng mga uod sa loob at labas 'yang maayos-ang-hubog mong katawan, dito sa alabok; at 'yung kaluluwang nasa loob nun: isang araw, ay mapupunta sa pagpapahirap ng diyablo."

133 Pagkatapos may pumigil sa akin, na para bang sinasabi sa akin ng Diyos, "Kung gagawin mo 'yan, maprepreso ka." Kita n'yo? Hayan nga. Tapos natanaw ko si Billy na lumabas at sumenyas, oras na para pumasok. Naririnig ko na ang mga tao na umaawit ng *Only Believe*.

134 Oh, naku! Papaanong nalilinlang ang mga tao sa ganoong mga bagay? Dahil binabalewala nila ang Salita ng Diyos.

135 At isa pa, 'yung mga ministro sa likod ng pulpito, na kaanib dun sa mga organisasyon, na nababasa naman nila Yan at alam nila Yan, haya't pinagbabawalan silang mangusap ng anuman tungkol Dun, dahil itataboy nila ang kongregasyon nila para

lumabas sa kanila. At miyembro pa man din ang hanap ng mga simbahan. Pero ang hanap ng Diyos ay ipinanganak-na-muli na mga banal ng buhay na Diyos, na magliliwanag gaya ng mga bituwin. Tulungan nawa tayo ng Diyos na maging tapat at ipagsabi ang Katotohanan, kung ano ang sinabi ni Jesus Cristo. Pero 'yan ang panahon na kinabubuhayan natin. Yan ang magiging mga tanda na sinaysay ni Jesus, at nakikita na natin ito mismo nang harapan.

136 Tingnan n'yo ngayon, at sa ika-7 kabanata ng Jude uli, "Sodoma at Gomorra." Oh, naku, grabeng kalunus-lunos na bagay! Hindi kasal sa mga babae, "ibang laman ang hanap." Ang isang lalaking kasal sa asawa niyang babae, sila'y— sila'y hindi na dalawa, sila'y iisa na. At ang isang lalaki na makikipagrelasyon sa ibang babae, awtomatikong inihihiwalay niya ang sarili niya sa asawa niyang babae. At ang babaing nakikipagrelasyon sa ibang lalaki, patay na siya sa kanyang asawang lalaki. Itinakwil na niya ang sarili niyang laman; pinutol na siya mula sa asawang lalaki. Ganoon nga. Sa Araw ng Paghatol, kailangang managot para dun.

137 Pero ngayon sa panahong ito haya't ayaw nilang makinig sa ganyang Mensahe. Ayaw nang makinig ng mga tao sa Ganito. Gusto nila 'yung kikiliti sa kanilang tainga. Eksakto sa sinabi sa akin ng Espiritu Santo noong araw na ilagak ko ang batong panulok doon, ang sabi:

> *Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan;. . .*
>
> *Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita. . .magsisipagbunton sila* para sa *kanilang sarili* ng kalipunan *ng mga guro, sa pagkakaroon nila ng kati ng tainga;*
>
> *At. . .*mahihiwalay *sa katotohanan,* patungo sa *katha.*

Sabi, "Pagkalaho na pagkalaho ng pangitaing ito, basahin mo ang Ikalawang Timoteo 4." Sabi, "Huwag mong kalimutan, Ikalawang Timoteo 4!" At noong maglaho na 'yung pangitain sa akin, habang nakatayo roon sa 7th Street, na isang disi nuwebe anyos na binata na nakatayo roon, nagsalita ang Tinig ng Diyos sa silid, at sinabi Niya, "Ikalawang Timoteo 4." Ganyan na ganyan mismo ang kinahinatnan. Kita n'yo? "Darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral."

138 May gusto ang mga tao. Gusto ng mga Pentecostal 'yung tinatapik-tapik sila sa likod nila, at pababayaan silang mamuhay ayon sa kagustuhan nila. At hayaan silang tumugtog ng piyano nang apatnapung kumpas kada segundo, at magpatalon-talon, at sumayaw sa saliw nito; at hahayaan ang mga kababaihan sa gusto nila, at ang mga kalalakihan na ganoon din. Sa Presbyterian, Methodist, Lutheran, at Baptist,

marami namang tapat na tao sa lahat ng organisasyong 'yan. Ganoon nga. Pero mahigpit ang gapos sa kanila nung sistemang 'yun, hanggang sa maisip nila na basta miyembro sila ng iglesyang 'yun, at 'yung pangalan nila'y nakasulat naman sa mga aklat, ay patungo sila ng Langit. Nakalista man ang pangalan mo sa isang aklat dito sa lupa ay *walang* halaga 'yun sa Diyos. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Kailangan sa Aklat ng Buhay ng Cordero nakasulat ang pangalan mo, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, na ang mga kasalanan mo'y pinatawad na. Tama.

139 Pero ganoong klase ang gusto nila. Ganoong klase ng pastor ang gusto nila. Ayaw nila ng iba. At samantalang tinaktak na ng Diyos sa huling mga araw na ito ang bawat Makalangit na kaloob na itinatagubilin sa Biblia, bawat kaloob na ipinangako ni Jesus Cristo, bawat kaloob, at bawat tanda, at bawat tanda ng huling-panahon. Lahat mismo ng ipinangako sa Bibliang ito, sa abot ng nakikita ko, mismo, ay tinaktak na sa harap ng bansa, at sa impyerno pa rin ang bulusok niya kahit anong gawin. Sabihan mo sila? Naku't magtutuloy-tuloy pa rin ang bulusok nila, ano't anuman.

Hayaan n'yong kumuha pa ako ng ilang Kasulatan dito bago ako magtapos. Buweno. Oh, "Itinakda para sa Walang Hanggang kapahamakan," 'yan ang sasapitin nila, sabi ng Biblia.

140 Ang bansang ito'y nakasalampak sa parehong kabulukan. Itong parehong kabulukan ng lipunan, dito nakasalampak ang bansang ito ngayong gabi. Alam n'yo 'yan. Hindi 'yan biro. Hindi 'yan sabi-sabi. Katotohanan ito. Genesis 6:12, "Ang lahat ng laman ay naging masama, ang tao'y lumakad sa sarili niyang daan," sa sarili niyang pag-iisip, binabalewala ang mga kautusan ng Diyos. Ganyan na ganyan ang ginagawa ng tao ngayon. Ayaw makinig ng tao sa Salita ng Diyos. Ayaw Itong pakinggan ng mga tao. Gusto nilang lumakad sa sarili nilang lakad.

141 Tumanggi si Jezebel na makinig sa Salita ng Panginoon. Ayaw niyang tawagin 'yung matandang mukhang-gusgusing mangangaral, na si Elijah, na kanyang pastor. Pero siya'y pastor niya, ano't anuman. Tama. Isinugo siya ng Diyos, at pasigaw niyang ipinahayag ang kanyang mensahe. Gayong hindi edukado, hindi nila alam kung saan siya nagmula o kung saan ang tungo niya. Dumating siya sa eksena dala ang Salita ng Panginoon. Kanyang ipinadala ang mensahe niya, na ipinangaral niya, at kinondena niya ang lahat, na matatawag na kasalanan. Haya't, ang modernong Jezebel na 'yun, binago niya ang pag-iisip at binighani ang mga tao sa ilalim ng pangkukulam gamit ang kanyang mga kapangyarihan hanggang sa ang buong bansa'y nabulok nang lubos, at mag-isa na lang na tumayo si Elias doon sa bundok. Sabi ng Diyos, "Elias, huwag mong ikabahala 'yan. May pitong libo Ako roon na tapat ang puso, pa

rin." Yan 'yung ikalawang hatak niya, at 'yung ikatlo, ay bumalik para sa kanila.

142 Pero alalahanin n'yo, ang Diyos ay mahahabagin, at Siya—Siya . . . At kinondena ng mensahe ni Elias ang di-nananampalatayang henerasyon na 'yun. Kinondena ng mensahe ni Noe ang henerasyong 'yun, at nagdala ng kahatulan sa mga tumanggi na makinig dito, at kaligtasan para sa mga sumampalataya rito. "At kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao."

143 Genesis 6, binabale-wala ang mga kautusan ng Diyos! Sinasabi nila, "Mga kautusan ng Diyos?" Sinasabi ng Salita ng Diyos, ngayon, na, sa Biblia . . .

Ngayon pakinggan n'yo, hindi ko ito pinapatungkol sa partikular na isang indibiduwal. May responsibilidad ako, bilang inyong kapatid. Responsibilidad ko na saysayin sa inyo ang buong Katotohanan, gaya ng iniwang-salita ng dakilang si San Pablo bago siya lumisan, "Hindi ko ipinagkait na ipahayag sa inyo ang buong payo ng Diyos."

144 Ngayon, sinasabi ng Biblia, hanggang ngayon, na di dapat putulin ng kababaihan ang buhok nila. Di ko alintana gaano mang karaming mangangaral ang magsabi na ayos lang 'yun; mali 'yun. Di ko alintana ilan mang simbahan ang pumapanig diyan; sinasabi't sinasabi ng Biblia na mali 'yun. "Kahiya-hiya para sa babae na gawin 'yun." Pero patuloy pa rin nilang ginagawa, kahit ano pa, tuloy lang sila. Ano 'yang ginagawa nilang 'yan? Sa ganang sarili nilang pag-iisip, pinapaganda nila ang sarili nila, iniisip nila na maganda sila.

145 Nagbababala ang Salita ng Diyos, na di dapat gawin ng babae ang mga bagay na ito. "Hindi siya dapat magsuot ng kasuotan, o pantalon, o anumang bihis na nauukol sa lalaki," pero tuloy pa rin siya sa paggawa ng ganoon. Pagsumikapan n'yo na awatin siya.

Sasabihin, "Ano't binubulyawan mo na naman sila, Kapatid na Branham? Ano bang problema mo? Aba, mas magugustuhan ka ng mga tao kung . . . " Wala akong pakialam, diyan. Oo't may pakialam ako sa iniisip ng mga tao. Ngayon huwag kayong mamali ng intindi sa akin. Pero interesado ako sa iniisip ng Diyos, at *Ito* ang Kanyang Salita.

Oo, sabihin mo man sa babae na maling gawin niya 'yun, naku't ipagpapatuloy pa rin niya't gagawin, ano't anuman. Kita n'yo? Bakit? Ang mga babae sa buong sangka-Cristianuhan ay ginagawa ang mga bagay na ito, at para bang walang pakialam ang simbahan ukol dito. Bakit ganoon? Ang mga anak na lalaki ng Diyos ay nahulog sa pagnanasa ukol sa laman at dugo ng babae, at tinanggihan ang mismong Diyos at Dugo na bumili sa kanila, para ihiwalay sana sila sa maruruming bagay na 'yun.

Amen. Yan ang Katotohanan. Tulungan nawa ako ng Diyos, ’yan ang Katotohanan.

146 Pagsumikapan n’yong awatin siya. Sa tingin n’yo ba ang pangangaral ni Noe ay mahahadlangan? Hindi, po. Pero ano ito? Ito’y isang tinig, ang Tinig. At kapag tayong lahat ay tinawag na sa Paghatol, itong mismong Mensahe na ipinangangaral ko, ngayong gabi, ay haharap sa akin doon mismo, Salita sa Salita. At pagkatapos ano nang gagawin n’yo?

147 Isa itong kumikislap na pulang Ilaw, sabay sa panahon, na matitigas na ang ulo ng mga kababaihan. Bago lamang tayo . . . Ilalatag natin ito, yamang ito’y patungkol sa mga kababaihan. At nagtataka kayo kung bakit palagi akong sumisigaw ukol dito. Ngayon maglalatag ako, kukuha ako ng maraming—maraming Mga Kasulatan para ilakip dito bago magtapos, at ipapakita ko sa inyo kung bakit. At ’yan ang dahilan kung bakit kailangan kong manatiling tapat sa Salitang ito, at bawat lingkod ng Diyos ay marapat na manatiling tapat sa Salita. Kailangan n’yong manatili, dahil pihadong may tinig sa isang sulok na sisigaw laban dito. Hindi ko alintana anuman ang gawin ng iba; hindi kayo mananagot para sa kanila. Sasagot ka bilang isang indibiduwal. Hindi kayo sasagot bilang Methodist, hindi kayo sasagot bilang Baptist, o bilang Pentecostal. Sasagot kayo bilang isang indibiduwal, sa Diyos, para sa sarili n’yong buhay.

148 At nakikita na natin ang mga palatandaang ito, pero patuloy pa rin sila na ginagawa ito. Sabihan n’yo ang babae na mali siya, at tingnan n’yo kung anong sasabihin niya. Matigas ang ulo! Ganyan na ganyan ang nagawa ni Eba. Alam ni Eba ang nararapat na di niya dapat ginawa ’yun. Tama ba? Nasa kanya ang Salita ng Diyos. Sabi, “Sa araw na kainin mo ’yun, sa araw ding ’yun ay mamamatay ka.” Buweno, bakit nga ba niya ginawa? Gusto niyang masunod ang gusto niya. At bakit nga ba magpuputol ng buhok ang kababaihan; bakit nga ba magsusuot ng ganoong mga damit ang kababaihan, at sinasabi ng Biblia na ganyan na ganyan mismo ang gagawin nila? At ’yang bagay na ginagawa nila, lahat sila’y hinatulan. Tama. Pero bakit niya ’yun ginagawa? May sarili daw kasi siyang buhay. Siyanga, po. Susundin at susundin niya ang gusto niya. At di umiimik ang simbahan ukol dito. At ang iglesya’y ang Nobya ni Jesus Cristo dapat, pero haya’t walang imik ukol dito.

149 Sabihan n’yo ang isa sa kanila tungkol dun, alam n’yo ba ang sasabihin nila? Parang gusto nilang ipahiwatig, “Walang matandang Biblia ang makapipigil sa akin na magsaya.” Ngayon ganoon na ganoon ang nangyayari. Sabihan n’yo sila na nakasulat ’yun sa Biblia. Oh, marahil di nila aktuwal na sasabihin ’yung mga salitang ’yun, pero ’yun ang ipinapahiwatig nila.

Narinig n’yo na ba ’yung lumang kasabihan na “Mas

malakas ang gawa kaysa salita"? Aba, haya't, totoo diba? Mas malakas ang gawa kaysa salita. Kahit na ano pa ang lumabas sa bibig n'yo, ang inyong—inyong buhay ay napakalakas hanggang sa di na nila marinig ang binibitiwan n'yong salita. Gaya ng sinabi ko kaninang umaga, lumundag lang kayo nang singtaas ng pamumuhay n'yo. Kita n'yo? Mas malakas ang gawa kaysa salita n'yo. At mas mainam siguro na sa paglabas n'yo ay sabihin n'yo na nang lantaran, dahil may sariling ipinapahiwatig na salita ang mga ito. Ang mga salita n'yo—salita n'yo, ano man ang mga 'yun, ipinapahiwatig ng gawa n'yo kung ano—ano talaga kayo.

Kung magsasalita kayo ng iba kaysa sa tunay n'yong pagkatao, nagiging kaimbabawan 'yan. Sabi ni Jesus, "Kayo na mga mapagpaimbabaw! Papaanong mabubuting bagay ang mamumutawi sa bibig n'yo, kung mula nga sa puso ang pagsasalita, o mula sa puso ay nagsasalita ang bibig?" Kita n'yo, nagsasalita sila ng bagay na di taos sa kanila.

At ganoon ang mga kababaihan, na para bang sinasabi nila, oh, naku, "Magsasaya ako."

150 Anong nangyayari? Mula sa pag-aasawa . . . Heto ang isa pang bahagi sa Biblia. Mula sa pag-aasawa'y kalakip ang panatang, "pasakop." Huh! Pasakop? Huh! "Tagapangalaga ng tahanan, malinis, at magagandang-loob na gawa."

Tatawanan ka lang nila nang harapan tapos pupunta sa planta ng pulbura, sa opisina ng iba. "Ang asawa ko . . . " Oo. Oh, duda ako.

Haya't dito sa puwersa sa panahon ngayon, isang kahihiyan, ang magtalaga ng mga kababaihan sa puwersa ng kapulisan. Kung hindi nga't tanda 'yan ng—ng kalabisan saanmang lungsod! Marami na ngang kalalakihan ang walang trabaho, tapos maglalagay pa kayo ng kababaihan doon, gayong sinabi ng Biblia na dapat ang babae'y "manatili sa tahanan at maging malinis na tagapangalaga ng tahanan." Pero nag-aasikaso na rin siya ng mga libro ng amo, at pati na rin, 'yung sa iyo. Oo. Ganoon nga.

Hindi ko tinutukoy ang mabubuting babae ngayon. Hindi ko ito sinasabi sa inyo na mga babaing tunay na maka-Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Naka-teyp ito, o kung saan pa.

Pero ang punto ko nga, makakita man kayo ng isa na ganoon, haya't makakakita kayo ng labinlimang daan na hindi ganoon. Ayaw na ayaw nilang pakinggan ang Salita. "Ilayo mo ang Biblia mo! Sa sarili mo Yan ipangaral. Ayaw naming pakinggan Ito." Pasakop? Oh!

151 Marahil magsabi siya ng ganito: "Ikuwento mo na lang 'yang mga kuwentong pam-Biblia mo sa iba. Sa iba mo na lang ipagsabi ang tungkol sa Diyos mo, at hayaan mo ako. Ano 'yang isinasaway mo sa akin? Hindi ko naman hiniling sa iyo na sabihin

ang mga bagay na ito." Alam ko, pero ang Diyos ang may sabi. Kita n'yo? Kaya ganoon lang.

152 Haya't sinasalaula pa rin nila ang daan. Gaya ng ginawa nila noong panahon ng Panginoon, gaya ng ginawa nila noong panahon na 'yun, ganoon na ganoon ang ginagawa nila ngayon, parehong-pareho. Hindi nagbago. Hindi nagbabago. Hindi magbabago.

153 Inagaw na ng pagkadelingkuwente ng kabataan ang kanyang mga anak. May bahaging inaagaw ang bilangguan sa mga kababaihan at kalalakihan, at aagawin ng impyerno ang buong bagay, ganoon nga mismo, sa dulo'y lulunukin silang lahat ng buo. At 'yung pangangaral ay parang lampas-lampasan lang sa ibabaw ng kanilang mga likod. Hindi nila Ito pinakikinggan. Sarili ang sinusunod. . . Sabihin n'yo man sa kanila na *Ganito* ang sinasabi ng Biblia. Sasabihin nila, "Sa iyo na 'yang Biblia mo. Magsasaya kami."

154 Para bang nauulinigan ko ang ilan sa inyo na mga kapatid na babae ngayon, marahil hindi kayo na nandito, pero nauulinigan ko kayo, "Sino, ako magpapasakop sa asawa ko? Huh! Siya ang pasusunurin ko." Pero diyan kayo nagkakamali. "Manatili sa bahay, maging malinis? Wala akong pakialam anuman ang sabihin ng Biblia tungkol dito, tantanan mo ako!" Pakinggan mo, kapatid na babae, hindi lang 'yan, noong Madidilim na Kapanahunan, tinig 'yan sa panahon ngayon. Hindi lang 'yun madalas mangyari noong panahon bago ang pangmalawakang pagkagunaw sa baha, nangyayari rin sa panahon ngayon. Parehong-pareho.

155 Uli sasabihin nila, "Isa akong modernong babae. Taga-Amerika ako." Buweno, wala ngang pinagkaiba 'yan sa nakatira sa isang kulungan ng baboy. Hindi mahalaga sa Diyos kung saan man kayo nakatira. Kayo'y kung ano kayo sa puso n'yo. Ganoon nga. At huwag n'yong isipin, kapatid na babae, na kayo'y napakamoderno, na isa kayo sa mga modernong kababaihan, gaya ng gusto n'yong ipangalandakan sa panahon ngayon. Kayo'y nagmula noon-noon pa, ayon sa Bibliang ito, sa madidilim na kapanahunan, sa panahon pa bago ang pangmalawakang pagkagunaw dahil sa baha. Noong panahon ni Noe, ganoon na ganoon ang ginawa nila noon. Kaya hindi masasabing napakamoderno n'yo, kung tutuusin, hindi ba? Kita n'yo? Ganyan na ganyan ang kilos nila sa panahon noon bago ang malawakang pagkagunaw sa baha. Kita n'yo? At ganyan na ganyan ang kilos nila sa panahon ngayon, kaya mistulang madilim na kapanahunan muli, bumalik sa malaking kadiliman noon.

156 At kayo na kalalakihan na pababayaan lang ang asawa n'yong babae na gawin 'yan, kayo'y di maituturing na mga anak na lalaki ng Diyos. Hindi nga, mistulang nahulog na kayo

sa Sodoma, ganoon nga, hinahayaan n'yo ang kababaihan na manduhan kayo. Oh, naku!

157 Hindi ko lang alam kung sasabihin ko ba ito o hindi. Siguro'y lalaktawan ko na ang bahaging ito. Pero, buweno. Kalunus-lunos ito, anupa't lahat nitong kapanahunan na kinabubuhayan natin. Nakikita n'yo na bang nakasindi ang pulang ilaw, kumikislap?

> Ang trumpeta ng Panginoon ay tutunog, at mawawala na ang panahon,
> At ang umaga'y magliliwayway na tungo sa Walang Hanggan, nang maaliwalas at maliwanag;
> Pagkatapos ang Kanyang mga pinili'y magkakalakip (mula sa alabok ng lupa) patungo sa kanilang Tahanan sa langit.

Oh, kay gandang araw nun! Buweno. Oh, siyanga!

158 Balikan n'yo ang Sodoma. Huwag kayong mag-alala, may A-bomb na naghihintay para burahin ang buong 'yun, siyanga, burahin sa mapa ang buong mundo. Tapos 'yun dun. At pagkatapos ang buong bagay ay ipapanauli muli, gaya ng nakita natin sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, para sa tinubos na grupo ng mga tao na mga nagsitanggap sa Panginoong Jesus, na mga naging Cristiano, na isinuko ang lahat ng pagsusumakit nila't paggamit nila sa sanlibutang ito, at nagsilapit kay Jesus Cristo, at nakatuon sa Kanya at sa Kanya lamang; sa Kanyang aba't, simpleng programa, na lumapit at sampalatayanan Siya, at tumanggap ng Buhay na Walang Hanggan. At kung sasabihin n'yo na kamit n'yo ang Buhay na Walang Hanggan, tapos di kayo sang-ayon sa Bibliang ito, 'yang sinasabi n'yong walang hanggang buhay n'yo ay hindi ang Buhay na Walang Hanggan na ibinibigay ng Diyos. Nalinlang kayo, ng kamatayan, at hindi 'yan Buhay. Siyanga.

159 Ngayon, oh, "Matakot sa Diyos at sundin ang Kanyang Salita, dahil ito ang buong kautusan." Kumikislap na ang mga pulang ilaw, at ang oras ay napipinto na. Gaya sa panahon noon ni Noe, kita n'yo, kinuha nila ang lehitimong bagay at binaluktot ito. Kinuha nila ang pagkain, at kinuha nila ang pag-inom, at inilagay nila ang pagtayo, at inilagay nila ang lahat ng iba pang mga bagay na ito, at binaluktot. Ngayon, inaasahan ni Jesus na magtatayo tayo ng tahanan, kita n'yo; pero tingnan n'yo nga ang nangyari diyan. Pagkain, inaasahan Niya na kakain tayo, tama; tingnan n'yo kung anong nangyari. Pag-inom, inaasahan natin na iinom tayo ng mga tubig at kung ano pang gagawin natin; pero, sa halip na ganoon, ginamit nila ang mga 'yun sa mga inumin at alak, at lahat na, at mga cocktail, nagsasama ng kababaihan nila. Kita n'yo?

160 At paano naman 'yung paglobo ng populasyon, gaya noong mga araw ni Noe? Paano naman 'yung tuluy-tuloy na pagganda ng kababaihan, na lalo't lalong gumaganda? Kita n'yo? Pulang ilaw!

Paano naman 'yung panahon na kakahantungan ng kababaihan, 'yung punto na sila'y magiging kung ano sila noon, "matitigas ang ulo, palalo," at lahat na, na hindi n'yo na sila mapagsabihan? Ipangaral n'yo ang Salita sa kanila, gagawin at gagawin pa rin nila ang kabalbalan nila ano't anuman. Kita n'yo?

Anong mangyari? Kung ano mismo noong mga araw ni Noe. Isang araw, ang pinto ng awa'y ipipinid na. Pagkatapos sinasabi ng Kasulatan, "mapupuno ng usok ang santuwaryo," ibig sabihin ang Tagapamagitan ay umalis na mula rito. At hangga't naroon pa rin ang Cordero. . . Gaya ng sinabi ko kaninang umaga, o sa kung saan na nangangaral ako, na, hangga't naroon pa rin ang Cordero para mamagitan, may awa pa rin. Pero anong kasiguraduhan natin, yamang nakikita na natin ang tren na nasa bloke na, yamang nakikita na natin ang Pagparito ng Panginoon, ang kumikislap na ilaw?

161 Marami nga akong masasabi na iba't ibang bagay gaya ng nalalaman natin na ipinangako Niyang gagawin dito sa huling mga araw, at nakikita na natin ito sa mismong harapan natin. At pagkatapos nakikita na natin ang ating. . . itong paksa ngayong gabi, tungkol sa pulang ilaw na kumikislap, na tuloy sa layaw ang ating mga kababaihan, at mga bagay na ginagawa nila sa ganang sarili nila. Nakikita natin na nakaturo na, bawat—bawat muhong milyahe, bawat bagay, bawat panuro, bawat kompas, ay nakaturo na nang diretso sa Kanyang Pagparito. Nasa wakas na tayo. Wala na akong nalalaman na iba na mangyayari pa kundi ang Pagparito ng Panginoon.

162 At kaya, mga kaibigan ko na wala pa kay Cristo, anong saloobin n'yo patungkol dito? Sumasandig lang ba kayo. . . Sa totoo lang, kaibigan, nais kong tanungin ka ng isang simpleng katanungan. Sumasandig lang ba kayo sa kung anong munting sensasyon na taglay n'yo, o kung anong, marahil, bagay na nasa inyo? Marahil nagsaya ka isang beses at nagsasayaw sa isang dako, gaya ng marami sa mga holiness at mga Pentecostal, at mga Nazarene, at Pilgrim Holiness. Naniniwala sila na kung sapat silang makakaramdam ng saya para makasayaw, ay 'yun na raw Yun. At pagkatapos magpapaputol ng buhok n'yo, magsusuot ng shorts? Mabubunsod ba ng Espiritu Santo na gawin n'yo 'yun, gayong kinokondena Niya ito sa Biblia?

163 Paano kaya kayo na nagsasabi, "Buweno, kaanib ako sa iglesya. Isa akong Pentecostal. Isa akong Methodist, o kung ano man ako. Isa akong miyembro! Ang nanay ko ay orihinal na miyembro ng simbahan. Orihinal na miyembro ako"? At 'yung

mismong espiritu sa inyo ay ibinubunsod kayo na gumawa ng mga bagay-bagay na kinokondena ng Bibliang ito na inyong gawin. Kita n'yo?

Sasabihin n'yo, "Nakakapagsalita ako ng mga wika, Kapatid na Branham. Ngayon, huwag mong hahadlangan 'yun. Nagsasalita ako ng mga wika, at katunayan 'yun ng Espiritu Santo." Kung ang buhay n'yo naman . . . Kung nagpapaputol pa rin kayo ng buhok n'yo, kung nagagawa n'yo pa rin ang mga bagay na ito na sinasabi ng Biblia na huwag n'yong gawin; oo't nakakapagsalita kayo ng mga wika araw at gabi, pero haya't wala pa ring kabuluhan 'yan sa Diyos. Ang punongkahoy ay nakikilala sa bunga nito.

164 Tumatanda na ako. Aminado ako diyan. Bawat araw ay may bago akong nararamdaman na kirot at sakit. Bawat isa sa atin ay ganoon. Mabuti pa sigurong sabihin n'yo na ang totoo. Naisip ko, "Diyos, huwag Mo po akong hayaan na . . . "

Isa sa pinakamiserableng bagay, ay ang makita ang isang lalaki o babae na di pa kailanman tinatanggap si Cristo, at nabubuhay lang bilang isang matandang nilulumot-ang-likod na miyembro ng simbahan, na mas bugnutin pa kaysa kay Satanas, at makikita siya roon, na iritable't masungit na sasabihin, "Buweno, sinasabi ko sa inyo, hindi ako naniniwala sa kung anong . . . " Diyos, huwag Mo pong . . . Yan nga'y —'yan nga'y . . . Pinakateribleng putong 'yan na maipuputong ni Satanas sa isang buhay. Masungit na matandang babae, na mga sisenta o sitenta anyos, na nakalaylay ang taba sa ilalim ng braso niya, at puno ng kulubot ang buong mukha, at putol ang buhok, apat o lima ang kulay, at akala mo kung sino maglakad suot ang pares ng maikling shorts; kung hindi nga 'yan pagpuputong ni Satanas, hindi pa ako nakakita ng isa, o puwede ring matandang iritableng lalaki.

165 Oh Diyos, alam kong ako . . . Biyayaan Mo ako ng kagandahang-loob para di na kailanman magreklamo. At nais kong ang buhay ko, Panginoon, nais kong ang buhay ng mga tao'y . . . Diyos, Iyo pong ipagkaloob na ang buhay namin ay maputungan, kahit na magdusa man kami, anuman ang mangyari, gaano mang karami ang tumatalikod laban sa akin.

Tiyak ko ang isang bagay na ito sa buhay ko, habang tumatanda ako, mga kaibigan, ang daloy sa likuran ko, ay papaubos na, ninipis nang ninipis, habang umuusad ako sa daan. At tiyak ko ang isang bagay, darating at darating ang punto na wala nang lalapit sa akin at magsasabi . . . hihiling sa akin ng payo. Yung mga kilala ako mula noong kabataan ako ay magsisisiyao, kung patuloy pa akong mabubuhay. Malalagas nang malalagas ang mga kaibigan ko, habang papatanda ako ngayon.

166 At alam kong balang araw ay mamamatay ako. Umaasa ako na di pahintulutan ng Diyos si Satanas na putungan ako

bilang isang iritableng, walang malasakit na lalaki, at ang maybahay ko nama'y isang matandang bungangerang babae, o ang maybahay n'yo, o kayo mismo. Dalangin ko, kapatid, na ang buhay nati'y maputungan ng mga bunga ng Espiritu; pag-ibig, kagalakan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagtitiis, Katotohanan, pananampalataya, sa Espiritu Santo.

167 Papaubos na ang buhay ko. Mga tatlumpu't limang taon ang nakararaan tumayo ako sa pulpito rito, bilang isang munting binatilyo. Ngayong gabi matanda na ako, nag-uuban na ang buhok, at kalbo na, nakahukot ang balikat; mahina na ang katawan. Papaubos na ang buhay ko, at ang mga hibla'y nagiging madali nang mapigtas habang naglalakad ako. Habang umuusad ako sa daloy ng panahon, papaunti nang papaunti ang mga kaibigan ko. At paglaon darating sa punto, na marahil, hindi na ako—hindi na ako nasisiyahan sa mga awitin na dati-rati'y gustung-gusto ko; at marahil ang mga apo ko, mga anak ko'y sasabihin nila, "Huwag n'yong gulatin si lolo." Marahil darating sa ganoong punto kung mabubuhay pa ako.

168 Pagkatapos darating ako sa punto na di man lang ako makatayo mula sa kinauupuan ko. Pagkatapos isang umaga papasok ang makapal na hamog sa silid, kakaway ako sa hangganan, sa kamatayan, na puntahan ako't kunin. Ang gagawin lang ng kamatayan ay alalayan ako sa kamay at itawid ako sa aking Panginoon. Di ko tagapagmando ang kamatayan na animo'y alipin ako. Hindi niya ako alipin. Alipin ako siya. Pinagtagumpayan ni Cristo ang kamatayan para sa akin. At iisang bagay lang ang puwede niyang gawin, ang hatakin ako tungo sa Presensya ng aking Manlilikha, "Kapag ang tabernakulong ito na ukol sa lupa'y masira."

169 Sa punto na ang isang nanay ay malapit nang magkaroon ng sanggol, napansin n'yo, di ko alintana gaano man siyang kalupit noon, at kung gaanong kasama. Alam n'yo, bago ipanganak ang sanggol na 'yun, ang nanay ay nagiging banayad. Bakit ganoon? Kapag 'yung maliliit na mga kalamnan sa sinapupunan na 'yun ay kumikislot at lumulukso-lukso nang paganoon, may makalangit na katawan na naghihintay para rito. At paglabas nito mula sa nanay, 'yung doktor o 'yung kumadrona, sinuman na nagpaanak ay kakargahin ito at gugulatin ito, papaluin, uugain, o kung ano, at pagkatapos masasagap nito ang hininga ng buhay. At 'yung munting anghelikong espiritu'y papasok dito, 'yung hininga ng buhay, at ito'y magiging buhay na kaluluwa. At kapag si Cristo'y nasa puso natin, at si Cristo'y maging realidad sa puso natin, isa itong munting sanggol. "Kapag itong tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira . . . "

170 Sinabi ni Jesus, sa Juan 14. Bilang pangwakas, sasabihin ko ito. Sinabi niya, "Huwag magulumihanan ang inyong mga puso; kung sumasampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya kayo sa Akin. Sapagkat, sa Kaharian ng Aking Ama ay maraming

tabernakulo. Ako'y paparoon upang ihanda ang isang dako para sa inyo." Kapag itong tabernakulong ito na ukol sa lupa'y masira, may isa tayo. "Ako'y paparoon at ihahanda ang isang dako para sa inyo, na kung nasaan Ako, ay naroon din kayo." May pagnanais na makapiling Siya.

171 Kaya naman alam ko na sa pag-uha ng munting batang ito para sa bagong kapanganakan na sumisibol, kapag ang lahat ng iba pang buhay ay bibigay na, lahat ng mortal na buhay at lahat ng bagay ay maglalaho na, kung ganoon tatanggapin ko ang bagay na gugulat sa akin, at kamatayan ang kailangan. Bibigyan kayo ng gulat ng kamatayan, sa paghagupit nito sa inyo, pero ang bunga nga nito'y ipinapanganak kayong muli sa isang bagong Kaharian, doon sa kabilang panig kung saan wala nang sakit, kalungkutan, wala nang katandaan, o anuman. Lingapin nawa tayo ng Diyos.

172 Paano mo, kaibigan, matatanggihan ang isang bagay na tulad n'yan, yamang nakikita na na walang pag-asa sa mundo, sa labas ni Jesus Cristo? Kumikislap na ang mga pulang ilaw.

> Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising na,
> Mga tanda na inihula ng Biblia; (Pinuputol ng mga kababaihan ang buhok nila, nagsusuot ng shorts, nakasindi na ang pulang ilaw, kita n'yo.)
> Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-puno ng pagkabalisa;
> "Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

> Ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
> Puso ng mga tao'y lupaypay na sa takot;
> Tiyaking puspos ng Espiritu, na inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
> Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit na.

173 Iniibig ko Siya. Nais kong ibigin n'yo rin Siya. At habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali, sa pagdulog na panalangin, sa pagsasara. Kumikislap na ang mga pulang ilaw. Nakasindi na ang tanda. Malapit na ang Pagparito ng Panginoon. Nangungusap Siya sa mga bansa. Nangungusap Siya sa mga tao. Nangungusap Siya sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan. Gaya ng tinalakay natin ukol sa Sodoma at ipinakita kung papaanong dumating ang Anghel na 'yun kay Abraham, 'yung mga tanda na Kanyang ipinamalas bago mismo ang pagbaba ng apoy, nakita natin 'yan.

174 Sinabi Niya, "Sa mga araw ni Lot, nagtayo sila, nagbenta sila." Tingnan n'yo itong panahon ngayon. "At gaya sa mga araw ni Noe," ang mga babae'y nagiging maganda, ang mga anak ng Diyos ay nahuhulog, sinasamba na ang katawan ng tao sa anyo

ng mga babae, at lahat ng mga bagay na ito na nangyayari, na pinag-uusapan natin ngayong gabi. Kumikislap na ang ilaw, malapit na ang Pagparito ng Panginoon. Mananatili ka lang ba na miyembro ng simbahan?

Nakakatiyak ka ba, kaibigan ko? Paano mo malalaman kung matatapos mo ang gabing ito? Tingnan n'yo si Kapatid na Way na nakatayo rito kaninang umaga, sa sandali na 'yun, bumabaling lang siya't nakikipagkamay sa mga nasa paligid, tapos bigla siyang bumagsak at namatay habang ginagawa 'yun. Marahil di kayo biyayaan ng Diyos kagaya nun na bibigyan pa kayo ng isang pagkakataon. Hindi n'yo alam kung anong minuto pipintig ang pusong 'yan sa kahuli-hulihang pagkakataon. Bulayin n'yo 'yun.

175 Pinakikikislap na ng Pagparito ni Cristo ang mga tanda nito. Tingnan n'yo ang mga ito. Tingnan n'yo kung 'yung mga sinabi ko sa inyo ngayong gabi. . . Marahil di ito ganoong kapopular, pero ito ang Katotohanan. Ito'y bagay na sinabi ng Diyos, at heto na tayo.

176 Ayaw nang manatili sa tahanan ng mga kababaihan. Ayaw na nilang alagaan ang kanilang mga pamilya. Nag-uupa na lang sila ng tagapag-alaga ng bata tapos maggagala sa kung saan para magsaya. Delingkuwenteng kabataan, lahat na ng kung anu-ano'y talamak; pagpuputol ng buhok, pagsusuot ng shorts, meykap. May paglobo sa pagpapaganda nang pagpapaganda. Ang kalalakihan, mga anak na lalaki ng Diyos, ay nahuhulog. Bitag 'yun na nagagamit ni Satanas, na kinahuhulugan ng mga anak na lalaki ng Diyos. Gaya ng sinaysay ni Jesus, mangyayari't mangyayari ito. Sinabi Niya na magkakaroon nun, at heto na ito. Sabi Niya, "Kapag mangyari na ang mga bagay na ito, ang salinlahing ito'y hindi lilipas," at apatnapung taon 'yun, "hanggang sa matupad ang lahat ng mga bagay na ito." Bulayin n'yo.

177 Mananatili ka lang ba na miyembro ng simbahan? May mga mali ka bang nagawa? Tingnan at siyasatin n'yo ang buhay n'yo uli, ngayong gabi, kalalakihan, kababaihan. Tingnan n'yo ang sarili n'yo, tingnan n'yo ang mga sariling pagkakamali n'yo. Ano na, sa kasalukuyang kalagayan n'yo ngayon, kung si Cristo'y nasa lupa't ipinapangaral ito? Sasabihin n'yo, "Kung—kung Siya ang mangangaral, kung Siya ang maririnig ko na mangaral, ako'y—ako'y magsisisi." Kung talagang magsisisi kayo, Ito ay Mismong Salita Niya ngayong gabi, gagawin n'yo na ngayon. Kung kayo'y wala pang Diyos, at alam n'yo. . .

178 "Oh," sasabihin n'yo, "Kasapi ako sa iglesya. Nakakapagsalita ako ng iba't ibang wika. Hindi ako—hindi ako. . ." Ngayon nga'y isinasantabi natin 'yan. Tingnan n'yo ang sarili n'yo, siyasatin n'yo ang buhay n'yo ngayon sa Salita ng Diyos. Kayo ba 'yung tao na lalakad palayo at magsasabi, "Wala akong pakialam anuman ang sinasabi ng Biblia. Kapatid

na Branham, sa palagay ko mali ka"? Hindi ako ang mali kung ganoon. Kung may bagay na mali Rito, ang Salita nga Mismo.

At hindi n'yo pa kilala ang Diyos, at di kayo nakakatiyak na kung si Jesus ay darating na sa oras na ito ay handa na kayong sumama. Bakit magsasawalang-bahala pa kayo, yamang nakikita n'yo nang napakalapit na ng kamatayan, nakikita n'yo nang napakalapit na ng wakas?

179 Kung mayroon po rito, habang nakayuko ang ulo n'yo ngayon, na nais n'yong maalaala sa panalangin habang papatapos tayo, maaari lang na itaas n'yo ang kamay n'yo at sabihin, "Kapatid, ipanalangin mo po ako." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Oh, buong gusali po.

180 Tama 'yan, tayo po'y mag-imbentrayo ngayon. Kayo na mga kapatid na babae ngayon, nang may hustong mainam na pananampalataya at pag-asa, bulayin n'yo lang ito. "Talaga bang sumusunod ako sa Diyos? Totoo ba, saan nakalagak ang pagnanais ko? Kapatid na Branham, nagagawa ko—ko—ko—ko pa rin ang mga bagay na ito. Ako'y—ako'y nakakaramdam ng sarap sa pakiramdam. Nakakaramdam ako ng tuwa."

Alam n'yo ba na nakakaramdam din ng tuwa ang mga pagano? Alam n'yo ba, na ang isang lasing ay nakakaramdam din ng tuwa, kapag nakakainom, gaya n'yo rin, kapag nasa impluwensya sila ng alak? At kung natutuwa kayo sa ilalim ng anumang bagay na taliwas sa Salita ng Diyos, sa diyablo 'yan. Kung sinasabi n'yo, "Kuntento na ako sa simbahan ko," tapos maririnig n'yo na ipinapangaral ang Salita ng Diyos, tapos di kayo tumutugma Rito, inspirado kayo ng maling bagay, kahit na ano pa 'yang inspirasyon na 'yan. Nakakita na ako ng mga sumisigaw, at nagtatatalon at humihiyaw, at—at lahat na, at umiinom ng dugo gamit ang bungo ng isang tao, at tatawag sa demonyo, ganoon nga, tapos tuwang-tuwa sila gaya rin n'yo. Nagbubunsod ang paganismo ng ganoon ding sikolohiya gaya ng anupamang ibang bagay, saykiko kasi ng isip. Pero ang karanasan kay Cristo'y nasa puso, babaguhin nun ang kabuoan, babaguhin ang tao para maging bagong nilalang. Bulayin n'yo 'yun, nang maigi.

181 Tingnan n'yo ang sarili n'yo. Isipin n'yo lang ang isang salamin sa harapan n'yo, tingnan n'yo ang sarili n'yo. "Tapat ba ako? Sinsero ba ako? Ako ba talaga, sa puso ko, napaglilingkuran ko ba ang Panginoon?"

182 Sasabihin, "Pinaglilingkuran ko Ito." Tapos kapag titingnan, kayo na mga kababaihan ay putol ang buhok, nagsusuot ng shorts. Tingnan n'yo ang sarili n'yo kayo na mga gumagawa ng bagay na ganito. Tumingin kayo mga kalalakihan sa sarili n'yo na hinahayaan ang mga asawang babae n'yo na gawin 'yan; sabihin, "Ako ba'y anak ng Diyos? Ako ba'y Sodomita?" Sabihin

n'yo mga kababaihan, "Ako ba'y modernong babae, o ako'y isang indibiduwal noon bago ang pangmalawakang pagkawasak sa baha na nabanggit ni Jesus na lilitaw rito sa huling mga araw muli?" Pagbulayan n'yong maigi. Tingnan n'yo ang sarili n'yo.

183 Kita n'yo, ang buong pagkatao n'yo ang nagpapahayag kung ano talaga kayo. Kita n'yo? At kung di kayo tama, magiging tapat sana kayo para . . . Maging tapat kayo ngayon, itaas n'yo ang kamay n'yo, sabihin, "Cristo, hindi po kay Kapatid na Branham ko itinataas ang kamay ko o kung kaninong iba kundi sa Iyo, haya't ako po'y nagkamali. Patawarin Mo ako. Nangako si Kapatid na Branham na mananalangin siya para sa akin, ngayon itataas ko lang ang kamay ko, sinasabing, 'Jesus, mahabag Ka po sa akin ngayong gabi. Iyo pong iligtas ako alang-alang kay Cristo. Ayaw ko pong mapahamak. Itong buong buhay na ibinigay Mo sa akin, pinakateribleng bagay kung akin—kung akin lang itong sasayangin, samantalang nabigyan ako ng ginintuang oportunidad ngayong gabi na makita mismo ito nang sarili kong mga mata na kumikislap na ang mga pulang ilaw nang kabi-kabilaan; ang Pagparito ng Panginoon, ang pangako na Kanyang ipapakita ang mga tandang ito, at pagagalingin Niya ang mga maysakit, bubuhayin Niya ang patay, at papalayasin Niya ang mga demonyo; may bilang lang, may ila- . . . kakaunti lang, minoridad lang na lilibakin ng sanlibutan, at babansagan ng masasamang pangalan, at kung ano pa, gaya nun.'"

184 At mangyayari't mangyayari na babansagan nila tayo ng masasamang pangalan. Mangyayari't mangyayari na babansagan nila ang Katotohanan ng masasamang pangalan. Sabi ni Jesus, "Sinumang magsalita ng isang salita laban sa Anak ng tao, ipatatawad ito sa kanya, kapag ginagawa Niya ang siya ring bagay na nakikita n'yong ginawa." Sabi Niya, "Ngunit sinuman ang magsalita laban sa Espiritu Santo, habang ginagawa Nito ang siya ring bagay, ay di kailanman ipatatawad kahit sa sanlibutang ito." Kita n'yo, gagawin at gagawin nga nila. Kinakailangan na may Mensahe na gaya nun, para may mga tao na pagtatawanan Ito, para ipakita ang katarungan ng Diyos na hahatol sa buong sanlibutan at wawasak dito.

185 Habang may habag pa't may nakatayo sa pagitan, si Jesus Cristo, at may bukas na pinto ngayong gabi, maaari n'yo na bang tanggapin Siya, kaibigan ko?

186 Ngayon, nakasanayan, na dudulog sa altar. Ayos lang 'yan. Wala akong anumang laban diyan. Pero sa Kasulatan, sabi Nito, "Ang lahat ng sumampalataya ay nabautismuhan." Mula sa puso n'yong lahat, kung isusuko n'yo ang buhay n'yo kay Jesus Cristo diyan mismo sa kinauupuan n'yo, diyan mismo kung saan Siya nangusap sa inyo noong itaas n'yo ang kamay n'yo!

187 Ang siya ring Diyos na tumawag sa lalaking ito para

manumbalik sa buhay, nakahiga't patay na sa harapan ko kaninang umaga, para patunayan sa inyo na nagsasaysay ako sa inyo ng Katotohanan. Sino bang makakapagpabangon ng patay kundi ang Diyos? Siyanga. Kaya hindi ang munti n'yong—munti n'yong paputol-putol na pastor dito, kundi si Cristo na umiibig sa inyo. At inihahayag Niya sa inyo ngayong gabi, "Napakinggan n'yo na ang Katotohanan. Nakita n'yo na ang Katotohanan. Ito'y mula sa Salita Ko. Nakita n'yo na ang Salita Ko na tumawag pabalik. Nakita n'yo na ang Salita Ko na paunang inihula na ang mga bagay na ito. Nakita n'yo na itong nangyari nang eksakto sa lahat ng mga taong ito, nang walang palya."

188 Ngayon anong gagawin n'yo kay Jesus, habang kumikislap pa ang pulang ilaw? Bakit di n'yo gawin ito, bitiwan n'yo na 'yang lumang sako ng makamundong mani! Bakit di n'yo bitiwan na 'yang matandang *True Story* magasin, at 'yang lumang—lumang basura na hinahatak n'yo ang kaluluwa n'yo araw-araw! Bakit di n'yo iligpit sa sulok 'yang telebisyon at italikod ito, kung dahilan 'yan ng di n'yo pagpunta sa simbahan! Bakit di n'yo isantabi nang walang liwag ang bawat bigat na pumipigil sa inyo! Bakit di n'yo isuko ang puso n'yo kay Cristo, at sabihin, "Cristo, ngayong gabi ako'y tapos na. Ako'y naghahanda na. Nakikita ko na ang Iyong pagparito. Pupulutin ko na ang maleta, ang Biblia ng Diyos, na siksik ng Buhay na Walang Hanggan, at, mula ngayon, ako'y mamumuhay hango Rito!" Magagawa n'yo ba, habang mananalangin tayo?

189 Makalangit naming Ama, hindi po sa pagiging magaspang, wala pong ganoong intensyon, Panginoon. Pero nakaturo ang Mensahe sa panahon, hindi sa mga indibiduwal, hindi sa kung sinong partikular na tao, bagkus nakaturo ito sa panahon. Mistulang panahon na na ang Espiritu Santo'y inuudyukan ako na i-teyp ito. Matapos ang maraming, maraming beses dito sa may pulpito, na ipinapakita namin ang panahon ni Lot, ang panahon ng Sodoma, ang panahon na tinutukoy ni Jesus, ang mga tanda ng panahon, ang pagparito ng Panginoon, sa maraming paglalahad. At heto rin na matapos ang lahat ng naipangusap ko nang sobrang diin laban sa mga kababaihan ng panahong ito at sa palibot ng bansa, hayan po, Ama, na napagtanto ko na ang Espiritu Santo'y nangusap sa akin para saysayin sa mga tao kung bakit ko ito ginawa. Ang dahilan ay dahil ang Iyong kinasihang Salita'y tumutusok sa puso ko, na hindi ko na kayang magsawalang kibo pa.

190 Halos limampu o pitumpu't limang kamay sa loob ng gusali ang nagsipagtaas, Ama, sa kabila ng magaspang, na humihiwang Salita ng Panginoon. Pero Ito'y nagbunsod sa kanila ng gulat, para malaman nila na sumisipol na ang silbato; ang lahat ng mga banal ay nagkakatipon na nang sama-sama; ang mga bansa'y nagkakagutay na; ang mga tanda ng Pagparito; kumikislap na ang mga pulang ilaw. At nakikita na namin, sa pamamagitan ng

gawa, na tumuturo sa mga kababaihan namin sa gabing ito ng panahong ito, na sinaysay na ng Biblia kung ano ngang magiging kalagayan nila, at heto na ito ngayon.

191 Ang di-nagkakamaling Tinig ni Jesus Cristo'y nagbabala sa amin na masdan ang mga araw ni Noe at ikumpara ito sa araw na kinabubuhayan namin. At kaya naman kapag nakita na namin ang mga bagay na 'yun na nangyayari, na ang mga kababaihan ay naggagandahan, at kinukuha sila ng mga anak na lalaki ng Diyos, at kung paano pang mangyayari ang lahat ng mga bagay na ito, heto nga na malalaman namin makikita na ng henerasyon na ito ang Pagparito ng Panginoon. Pagkatapos, mapagtatanto namin ang kumikislap na ilaw, ang Kanyang pagparito'y malapit na.

192 Dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyong pagpapalain ang bawat isa na nagtaas ng kanilang kamay. Akin—akin lamang inaalay ang mapagpakumbaba't, taos sa pusong panalangin na ito, at alam ko po na Iyo akong diringgin. Napakabuti Mo kay Kapatid na Way kaninang umaga, na ibinunsod mo na ang hamak na munting panalangin ay magbubunsod na tumibok uli ang puso na 'yun, isang taos sa pusong pag-ibig para sa kapatid na natumba sa yakap ng kanyang maybahay, malamig at patay na. Panginoon, maipaalam nawa sa mga tao ngayong gabi na ang mamatay sa kasalanan at mga pagsalangsang ay higit na mas mapanganib kaysa sa mamatay sa pisikal na kamatayan; dahil walang makasasalo sa oras na 'yan, kung lalagpas sa tabing, sa kasalanan at mga pagsalangsang.

Iyo pong ipagkaloob ngayong gabi, Panginoon, na, bawat kaluluwa na nagtaas ng kanilang mga kamay; aking inaalay ang panalangin na ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus; na magkakaroon ng ganoong rebolusyon na darating sa kanilang buhay, na magkakaroon ng ganoong pasya sa puso nila, na pagpapasya sa puso nila na hindi na sila magkakasala pa laban sa Diyos; na maninindigan na sila, mula sa oras na ito, sa Walang Hanggan, na pinagpalang Salita ng Diyos at mapakain sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo, at pangungunahan sa mga daan ng Buhay, araw-araw, sa pagpapatuloy nila sa lakbayin mula sa oras na ito, simula ngayon.

193 Ngayon, Makalangit na Ama, marahil di ko na sila makakatagpo, hindi ko na sila makakamayan sa pisikal na kamay dito sa lupa, gayong gusto ko man. Pero, Panginoong Diyos, dalangin ko na ang panalangin na ito'y tutugunin. At sinabi Mo sa Iyong Salita, "Ang dumirinig ng Aking Salita, at sasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan; at di na mapapasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Sa hamak na paraan ko ng paghahatid ng Katotohanan ng Diyos, ngayong gabi, marami ang nakapakinig ng Salita. Ngayon, ipinangako Mo na Iyong ililigtas sila, at sila'y "hindi mapapahamak," na, walang

sinuman ang makaaagaw sa kanila mula sa Iyong kamay, na ibabangon Mo sila sa huling mga araw, na wala maski isang hibla ng kanilang buhok ang mawawala. Iyo pong ipinangako ito.

194 Ngayon, bilang panalangin, bilang isang lingkod, Panginoon, at bilang isang kapatid sa—sa kanila, dinadalangin ko—ko ang panalangin na ito at inilalagay sila sa mga kamay ng Diyos, na wala maski isang kapahamakan ang makadako sa kanila, at hindi Sila maaagaw ni Satanas mula sa kamay ng Diyos. Sila po'y sa Iyo, mga tropeo. At nagtitiwala ako na Iyong bibigyan sila ng mahabang buhay, at kung posible, ay makita pa nila ang Pagparito ng Panginoong Jesus. Nawa sila'y umuwi mula sa dakong ito ngayong gabi, at makapag-akay ng mga kaluluwa, magbalita sa iba, para dalhin sila patungo sa nagliligtas na kaalaman ni Cristo. Iyo pong ipagkaloob. Ang lahat ay nasa Iyong mga kamay na, Ama. Sa pangalan ni Jesus Cristo.

195 At habang nakayuko ang mga ulo natin pansumandali. Iniisip ko kung may ganoong tao na narito ngayon, na nararamdaman n'yo habang nanalangin tayo na—na may bagay na kakaiba na nangyayari sa puso n'yo, at pakiramdam n'yo na mula ngayon ay mamumuhay na kayo ng isang pinabanal na inilaang buhay kay Cristo, at nakikita n'yo nang napipinto na ang Pagparito ng Panginoon, naniniwala kayo na ang ipinangaral ko'y Katotohanan, tungkol dito sa kumikislap na pulang ilaw, ukol sa mga bagay na nangyayari na. At—at nauunawaan n'yo na ito ang Salita ng Panginoon, dahil ito si Cristo, at naniniwala kayo, mula sa gabing ito, na kayo'y mamumuhay na ng mas mainam, na mas malapit na buhay kay Cristo, dahil sa panalangin na ipinanalangin n'yo ngayong gabi at sa pagtatapat n'yo. At habang nakayuko ang ulo n'yo, ay itinaas n'yo ang kamay n'yo, nagsabi, "Sinasampalatayanan ko ito. Mula sa gabing ito, mamumuhay na ako ng isang ibang buhay." Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam. Kahanga-hanga 'yan. Sa palagay ko masasabi ko na halos lahat, marahil, ay nagtaas ng kanilang kamay kanina, nagtaas ng kanilang mga kamay kanina na tinanggap na nila ito.

196 Ngayon kung di pa kayo nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng mga kasalanan n'yo, alalahanin n'yo, "Walang ibang pangalan sa silong ng Langit ang ipinagkaloob sa mga tao na makapagliligtas sa inyo, kundi ang Pangalan ni Jesus Cristo." Tandaan n'yo, iisa lamang ang Nobya, ang Nobya ni Cristo, at 'yun ang may dala ng Kanyang Pangalan.

197 Ngayon, haya't kung di pa kayo nababautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, sa Pangalan ni Jesus Cristo, hayaan n'yo ako bilang Kanyang lingkod. . . Kung pinatunayan sa inyo ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan, at sa pamamagitan ng Kanyang Salita, na

ang sinasaysay ko'y Katotohanan; inuutos ko sa inyo gaya ng ginawa noon ni San Pablo, sa Mga Gawa 19, na nakasumpong ng grupo ng mga Baptist. Nabautismuhan na sila noon kay Juan Bautista. Sabi niya, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula nang sumampalataya kayo?"

Sabi nila, "Di namin alam. . . kung may Espiritu Santo ba."

Sabi niya, "Kung ganoon sa ano kayo nabautismuhan?"

Sabi nila, "Nabautismuhan na kami, kay Juan Bautista, doon sa Jordan, ang siyang lalaki na nagbautismo kay Jesus Cristo."

198 Magandang bautismo sana 'yun, pero sabi ni Pablo, "Hindi na 'yan maaari ngayon." Inutusan niya sila na kailangan nilang magpabautismo muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo, Mga Gawa 19:5.

At sabi ni Pablo, "Kung may Anghel na bababa mula sa Langit at mangangaral ng ibang ebanghelyo kaysa Rito sa ipinangaral ko, matakwil siya," Mga Taga-Galacia 1:8. Pagkatapos inulit uli niya, sabi, "Gaya ng nasabi ko na, sasabihin ko uli. 'Bagaman isang anghel,'" ano pa kaya kung ministro, obispo, papa, o kung anuman, "kung may isang Anghel na bababa mula sa Langit, isang—isang Kerubin mula sa Kalangitan, at mangangaral ng ibang ebanghelyo kaysa Rito, matakwil siya."

Kaya naman, inuutos ko sa inyo, kung di pa kayo nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang may tubig sa dako ng bautismuhan, at may mga nakaantabay na mga balabal, lumapit na kayo at magpabautismo, "Na tinatawag ang Pangalan ng Panginoon, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo; sapagkat sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak, at maging sa kanila na mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

199 Makalangit naming Ama, ngayon po'y nakasalalay na sa Inyo. Pagkukumbinsi sa mga tao, masusubukan ko pa; pero ang ibunsod mismo ang mga tao, di ko kayang gawin. At di Ka kailanman kikilos laban sa kalooban nung tao na 'yun; dahil, kung ang isang lalaki o babae ay predestinado sa Buhay na Walang Hanggan, kapag suminag ang Liwanag ng Diyos sa binhi na 'yun, tutubo at tutubo ito sa Buhay. At kung may Buhay na sa kalagitnaan namin ngayong gabi, Ama, na Iyong pinasinag ang Iyong Liwanag, at nakita ng mga tao ang Katotohanan, nawa'y makalakad sila nang may kababaan at katimyasan tungo sa dako ng pagbabautismo, para mabautismuhan sa Pangalan ng Iyong sinisintang Anak, na si Jesus Cristo.

200 Na, alam naming ang bawat tao sa Kasulatan ay kailangang mabautismuhan, at mabautismuhang muli. Ang mga hindi pa nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay kailangang magpabautismo muli. At ang dakilang alagad,

na nasa kanya ang mga susi tungo sa Kaharian, ay nagsabi noong Araw ng Pentecostes, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, upang mapatawad ang inyong mga kasalanan, at pagkatapos ang pangako ng Espiritu Santo ay para sa inyo.” Ipagkaloob Mo po na maisakatuparan ito ngayong gabi, nang hustong sukat, Ama.

201 Itinatagubilin ko sila sa Iyo ngayon. “Kunin Mo ang payak na mga salitang ito at ang pagbubulay ng aking puso, at maging kalugud-lugod sa Iyong paningin, Oh Panginoon.” At iangkla sa Iyong mga anak, at pagkalooban sila ng Buhay na Walang Hanggan. Iyo pong iligtas ang mga maliligtas pa, at pagalingin ang mga maysakit. Nawa’y mamalagi ang biyaya ng Diyos sa bawat isa sa kanila, habang itinatagubilin namin sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus.

202 Ngayon habang nakayuko ang mga ulo natin, hinihiling ko sa kapatid nating babae na tumutugtog ng piyano na pumarito. Pansumandali na lang po, mga limang minuto na lang. At kung may nagnanais na mabautismuhan ngayon, na nakapagtapat na at nananampalataya na. Kung sumasampalataya kayo na si Jesus Cristo’y Anak ng Diyos, at sinasampalatayanan n’yo ito nang buong puso n’yo, hindi lang—hindi lang sa emosyon, kundi sinasampalatayan n’yo talaga ito, at handa na kayo para ipagtapat na kayo’y mali; at hindi kayo nakatayo sa sarili n’yong mga merito, kundi sa ibabaw ng bagay na Kanyang ginawa; at handa na kayong lumakad pasulong, para tanggapin ang Kanyang Pangalan sa pagbabautismo sa tubig, maging bahagi ng Katawan sa pamamagitan ng Espiritu Santo; sige po’t, ang dako ng kababaihan ay dito sa kanan ko, at ang dako naman ng kalalakihan ay dito sa kaliwa ko, may mga balabal na’t iba pang kailangan na nakahanda.

203 Habang nakayuko ang mga ulo natin, habang tumutugtog ang kapatid nating babae, “I can hear my Saviour calling,” sige’t kung handa na ang tagapanguna ng awitin na pangunahan tayo. Habang nakayuko ang mga ulo natin ngayon, ang gawain ay nasa kamay ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ngayon; sa kaninuman na nagnanais na mabautismuhan; nagnanais na pumasok sa mga silid panalanginan para sa bautimso ng Espiritu Santo, may mga tagapagturo rito na handang magturo o gumawa ng kung anuman. Nawa’y di mauwi sa walang kabuluhan ang Mga Salita, bagkus matupad ng mga ito ang nilayon para rito. Habang nakayuko ang mga ulo natin, manalangin na tayo ngayon. At, at kung saan Niya kayo pangunahan, sumunod.

*. . . can hear my . . .*

Ngayon manalangin, bawat Cristiano.

*I . . . my Saviour . . .*

Naririnig n'yo ba Siya na tumatawag, noong ibangon Niya ang patay na lalaki kaninang umaga? Naririnig n'yo ba Siya na tumatawag, nang Siya'y nasa Salita, na pinakikislap ang Kanyang mga Liwanag sa huling panahon?

I'll go with Him, with Him . . .

Handa na ba kayong magpatuloy nang buong-buo?

Where He . . .

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko. Ang mga kalalakihan po'y sa kaliwa, ang mga kababaihan sa kanan.

. . . He leads me I will follow,
Where He leads . . .

Sabi ng Biblia, "Ang lahat ng nanampalataya'y binautismuhan."

. . . follow,
I'll go with Him, with Him all the way.

I'll go with Him through the garden,
I'll go with Him through . . . (Ang Espiritu Santo . . . ? . . . )

. . . Him through the . . .

Maaari lang na samahan n'yo ang mga kababaihan dito, para sa pag-aasam ng Espiritu Santo, magpunta lang kayo sa silid sa kanan, sige't ilan sa inyo na mga kapatid na babae na tinuruan sa Panginoon.

. . . all the way.

Where He leads . . .

Masasabi n'yo ba 'yun nang may buong katapatan, "Saan man Niya ako dalhin ay susunod ako"? Gagawin n'yo ba? Na kapag nagsalita ang munting Tinig na 'yun sa inyo, magagawa n'yo—magagawa n'yo—magagawa n'yo bang sumunod saanman Niya kayo dalhin? Masdan n'yo ang pulang ilaw. Nakikita n'yo ba ang pagkislap ng ilaw? Nasa huling panahon na tayo.

. . . He leads me I will follow,
I'll . . . with Him all the way.

I can hear . . .

Papaano Siya nakakapangusap? Sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa puso n'yo. Maaari na ba kayong lumapit ngayon? Paanyaya po ito sa inyo. Tandaan n'yo, kung mangyari 'yun bago tayo makapagtipun-tipon uli, kayo'y nabalaan na.

. . . hear my Saviour calling,
"Take thy cross, and follow, follow Me."

Where . . .

Ngayon hinihiling ko sa ilang kapatid, para po makapagturo, magpunta lang kayo sa silid dito sa kaliwa ko, samahan ang mga kapatid na naghahanda nang magpabautismo?

Where He lead . . . (Sige po't hinihiling ko sa mga ministrong kapatid dito . . . ? . . . pumasok sa silid para samahan sila.) . . . follow,
Where He leads me, I . . . (Totoong-totoo na ba 'yan sa inyo?) . . . follow,
I'll go with Him, with Him all the way.

204 Ngayon, pansumandali lang. Ngayon, kung hindi pa kayo nababautismuhan sa tubig, sa pamamagitan ng paglulubog sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Nabautismuhan sa mga titulo lang, "Ama, Anak, Espiritu Santo," wala ni isa sa buong Biblia, wala maski isa, ang nabautismuhan sa Biblia, sa Pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," sa titulong 'yun. Walang sinuman ang nabautismuhan sa iglesya, sa kasaysayan, nang unang tatlong-daang taon sa panig na ito, bawat isa'y nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, hanggang sa Konseho ng Nicea sa Nicea, Roma, kung saan naorganisa ang iglesyang Romano Katoliko, matapos nilang ipalit ang mga titulo ng "Ama, Anak, Espiritu Santo."

205 Kung may mananalaysay ng kasaysayan, ministro, sinumang ibang tao, sa pagsasahimpapawid, sa teyp, na makapagpapalabas ng isang Kasulatan o isang munting bahagi ng kasaysayan, kung saan may nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo, hanggang sa dumating ang iglesyang Romano Katoliko sa Nicea, Roma, may obligasyon kayo na dalhin 'yun sa akin, ako nga'y hihingi ng paumanhin. Wala pong ganoon. Wala. At bawat tao na nabautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog, na hindi nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay inutusan, bago sila maaaring makapasok sa Kaluwalhatian, na bumalik at magpabautismo muli. Ngayon nakasalalay na sa inyo.

206 Walang Kasulatan sa Biblia, kung saan may sinuman na nabautismuhan, gamit ang pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," gaya ng pagbabautismo ng mga tao sa panahon ngayon. Ito'y isang Katoliko, Romano Katolikong kredo na ipinasa kina Martin Luther, at John Wesley, at nagtuluy-tuloy. At inihuhula ng Biblia na magkakaganito, at matatapos sa mga huling araw, at mabubuksan ang pinto, gaya ng tinalakay na natin sa mga kapanahunan ng iglesya para makita ito.

207 Nakasalalay na sa inyo. Isa lang akong mensahero ng Mensahe. Minsan pa, sampalatayanan natin ito. Bukas ang mga pinto. May tubig sa bautismuhan, at walang dahilan para . . . May mga nakahandang balabal, at handa na tayong magbautismo sa susunod na ilang minuto.

208 Kung nandito kayo at di pa kayo nababautismuhan, sige't minsan pa umawit tayo, at lumapit, magagawa n'yo ba? Gawin . . .

209 Sasabihin n'yo, "Plano kong gawin 'yan balang araw, Kapatid na Branham." Yang kababalang-araw n'yo na 'yan ay marahil katagpuin na kayo gaya ng nangyari kay Kapatid na Way kaninang umaga, pero marahil di na kalakip 'yung biyaya, gaya ng nangyari kanina. Maaari kayong yumao anumang oras. Bata man kayo, kung mabubuhay pa kayo pagkatapos ng gabing ito, kayo'y. . . At kahit sa edad na pitumpu, marahil malalampasan n'yo pa sa buhay ang maraming sampung-taong-gulang, at labinglima-, tatlumpung-taong-gulang. Libo-libo sa kanila ang mamamatay sa magdamag. Siyanga. Hindi n'yo alam kung kailan kayo lilisan.

210 Maging tiyak kayo. Huwag kayong sumugal. Alalahanin n'yo, puwede kayong makipagsapalaran sa trabaho n'yo, o makipagsapalaran sa *ganito*, pero huwag na huwag kayong susugal sa bagay na 'yan. Alalahanin n'yo, magiging saksi ang tinig ko sa magnetikong teyp ng Diyos sa Araw ng Paghatol, laban dito.

211 Kaya ngayon bulayin n'yo, habang aawit uli tayo nang nakayuko ang ating mga ulo. "Where He. . ." Kapatid na Neville. ". . . I will follow."

63-0623E Ang Kumikislap Na Pulang
Ilaw Na Tanda Ng Kanyang Pagparito
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org